

IKALIMANG BAHAGI

Ang Australia ngayon

Ang Australia ngayon

Sa seksyong ito, malalaman mo ang tungkol sa kultura, mga innovator, at pambansang pagkakakilanlan ng Australia. Ang Australia ay isang masiglang kasosyo sa negosyo at pangangalakal at isang iginagalang na mamamayan ng mundo. Pinapahalagahan ng Australia ang kontribusyon ng mga bagong migrante sa patuloy na pag-unlad at pagpabago ng ating bansa.

Ang lupa

Ang Australia ay isa sa mga pinakamatanda at malaking lupa sa mundo. Ito ang pang-anim na pinakamalaking bansa sa mundo at pinakamalaking islang nasyon. Ito rin ang pinakapatag at pinakatuyot na lupaing may naninirahang tao. Karamihan ng Australia ay hindi mataba ang lupa at kaunti lang ang ulan, kung kaya't mahirap magsaka dito. Ang tuyot na mga lupain sa kaloob-looban ay tinatawag na 'outback', at ito ay talagang malalayo at mararahas na kapaligiran. Sa Australia, ang tubig ay isang napakamahalagang likas na yaman.

Dahil napakalaking bansa nito, ang Australia ay may mga rehiyon na may iba't iba mga klima. Mayroong mga rehiyong pangtropiko sa katimugan ng Australia at mga disyerto sa gitna nito. Sa katimugan, ang mga temperatura ay maaaring magbago mula sa maginaw na taglamig na may kasamang yelo mula sa bundok, hanggang sa mga nagbabagang init sa tag-araw.

Dagdag sa anim na estado at dalawang teritoryo sa pangunahing lupain, pinamamahalaan din ng Pamahalaan ng Australia ang sumusunod na mga teritoryo:

- Ashmore at Cartier Islands
- Christmas Island
- ang Cocos (Keeling) Islands
- Jervis Bay Territory
- ang Coral Sea Islands
- Heard Island at McDonald Islands sa Teritoryong antartika ng Australia
- Norfolk Island.

Mga Pamanang Lugar sa Mundo

Ang mga sumusunod na lugar sa Australia ay nakarehistro sa Listahan ng Pamanang Lugar sa Mundo ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).

Pangkultura

- Mga Lugar na Bilangguan ng Australia
- Pangkulturang Tanawin ng Budj Bim
- Royal Exhibition Building at Carlton Gardens sa Melbourne
- Sydney Opera House.



Sydney Opera House

Natural

- Australian Fossil Mammal Sites sa Katimugang Australia at Queensland
- K'gari (dating Fraser Island)
- Mga Kagubatan ng Gondwana sa Australia
- Great Barrier Reef sa Queensland
- Lugar ng Greater Blue Mountains
- Heard at McDonald islands
- Grupo ng Lord Howe Island
- Macquarie Island
- Baybayin ng Ningaloo
- Pambansang Parke ng Purnululu
- Shark Bay, Kanlurang Australia
- Wet Tropics sa Queensland

Halo-halo

- Pambansang Liwasan ng Kakadu
- Tasmanian Wilderness
- Pambansang Liwasan ng Uluru-Kata Tjuta
- Rehiyon ng Mga Lawa ng Willandra.



Pormasyon ng bato na hugis alon sa pundasyon ng Ayers Rock sa Pambansang Liwasan ng Uluru-Kata Tjuta

Dagdag pa sa kanlurang iconograpiya at mga likas na kababalaghan na nakalista sa itaas, may libu-libong banal na lugar sa buong bansa na may kabuluhan para sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Ang mga lugar na ito ay mahalagang bahagi ng tela ng kultura ng Australia at mahalaga para sa lahat ng mga Australiano. Ang mga banal na lugar ay karaniwang nauugnay sa mga kwento ng katutubong ninuno at kanilang papel sa paglikha ng malawak na tanawin ng lupain, pagpunla ng mga pinapahalagahan sa kultura, mga relasyong kamag-anakan, at kaayusan ng lipunan.

Isang malawak na bansa

Ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay may espesyal na relasyon sa lupain. Palagi nilang pinapahalagahan ang pakikipag-ugnayan nila sa kanilang mga kapitbahay at nagbibiyahe sila nang malayo upang makatagpo sila. Ang mga "song-lines" ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay mga kwento na nag-uugnay sa tradisyonal na batas, kasaysayan at kultura sa heyograpiya, na umaabot patawid sa magkakaibang pangkat ng kultura at wika sa buong Australia. Sila ay pinanatili at isinagawa nang libu-libong taon.

Sa maraming bahagi ng Australia, ang mga tao ay may limitadong pag-access sa mga serbisyo, katulad ng mga iskwelahan, mga serbisyong pangkalusugan at tindahan, na parang balewala lang ng ibang mga Australiano. Sama-sama kaming nagsusumikap upang suportahan ang mga taong naninirahan sa mga malalayong komunidad. May mga kilalang Australiano na tumulong sa paglutas ng mga problema ng malalayong lugar sa pamamagitan ng katalinuhan sa paglikha at inobasyon.





Ang radyong de-pedal

Noong taong 1929, si Alfred Traegar na mula sa Adelaide ay nagdisenyo ng isang radyo na pinaandar ng pedal. Ang mga gumagamit nito ay maaaring paandarin ang two-way na radyo sa pamamagitan ng pagpadyak sa mga pedal gamit ang kanilang paa. Ang mga malulungkot na homestead, mga istasyon ng malalayong misyon at mga komunidad ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay lahat nakinabang sa imbensiyong ito. Ang radyong de-pedal ay tumulong sa pagtatatag ng dalawang malaking institusyong Australiano, ang Serbisyong Royal ng Lumilipâd na Doktor (Royal Flying Doctor Service) at ang Iskwelahan sa Himpapawid (School of the Air).

Ang Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor

Ang pastor na si John Flynn ay nanirahan at nagtrabahong kasama ang mga tao sa mga malalayong komunidad. May ideya siya na magpadala ng mga doktor sa pamamagitan ng himpapawid sa mga pasyente sa 'outback' sa lalong madaling panahon. Upang mangyari ito, tumanggap siya ng tulong sa pamahalaan, sa kompanya ng eruplanong Qantas at mga donasyong mapagkawanggawa. Ang Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor ay nagsimula noong 1928, subalit mayroon pa ring mga tao sa napakalayong mga lugar na hindi makakatawag sa serbisyo. Ang pagsisimula sa paggamit ng radyong de pedal ang nagtiyak na ang mga tao sa mga napakalayong hiwalay na komunidad ay maaaring tumawag ng doktor sa lalong madaling panahon.

Ang Iskwelahan sa Himpapawid

Hanggang sa 1950s, ang mga bata na naninirahan sa mga napakalayong lugar ay kinakailangang pumasok sa iskwelahang-pangaserahan o dormitoryo upang tapusin ang kanilang mga pag-aaral sa pamamagitan ng koreo (may larawan sa itaas). Si Adelaide Miethke, bise-presidente ng Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor sa Katimugang Australia, ay napagtanto na ang serbisyong pangradyo nito ay makatutulong din sa mga bata sa kanilang bahay sa pakikipag-usap sa kanilang mga guro. Ang serbisyo para sa Alice Springs ay nagsimulang magbigay ng two-way na mga pag-aaral noong 1948. Ang Iskwelahan sa Himpapawid ay pormal na itinatag pagkatapos ng ilang mga taon. Ang karanasan ng Australia ay nakatulong sa mga ibang bansa sa pagtatatag ng kanilang sariling katumbas na mga programa.

Ang lumang radyong de-pedal ay pinalitan ng mga high-frequency radio receiver at ngayon na pinalitan ng internet. Patuloy pa rin ang pagsisilbi ng Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor ng Australia at ng Iskwelahan sa Himpapawid para sa pakinabang ng mga taong naninirahan sa napakalayong mga lugar ng Australia.

Ang pakakakilanlan ng Australia

Ang pagkakakilanlan ng Australia ay hinubog ng maraming kadahilanan, kabilang ang ating mga Katutubong pamana at kultura, ang ating pinagmulan sa Britanya,ang iba't ibang uri mga taong naninirahan dito, ang ating kasaysayan, mga pinapahalagahan natin na siyang gumagabay sa pangaraw-araw na buhay, ang estilo ng ating pamumuhay at sa mga Australianong hinahangaan natin.

Ika-6 na Bahagi, Ang ating kwentong Australiano ay tumitingin sa ating kasaysayan. Binibigyang-diin nito ang mga isyu na may-kaugnayan sa kolonyal na nakaraan ng Australia, at ang kamakailan at kasalukuyang sitwasyon ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Ang kwento ay kinabibilangan rin ng mga pinagmulan at katangian ng lipunan ng Australia na binubuo ng iba't ibang uri ng tao at maraming kultura, at ng mga hamon, katulad ng mga digmaan, na sama-sama nating hinarap bilang isang nasyon.

Ang natitirang bahagi ng kabanatang ito ay titingin sa ilang estilo ng pamumuhay na sinusunod natin at hinahangaan ng mga tao.

Palaro at libangan

Maraming mga Australiano ang mahilig sa palaro at marami ang nagkamit ng mga kahanga-hangang resulta sa antas ng kompetisyong pandaigdig.

Sa kabuuang tagal ng ating kasaysayan, ang palaro ay kapwa nagpapakilala sa ating mga Australiano at nagbuklod sa ating lahat. Mula sa maaagang paninirahan, ang palaro ay nagbigay ng pagkakataong makatakas sa realidad ng isang marahas na pamumuhay. Kahit pa sa panahon ng digmaan, ang mga miyembro ng Hukbong Tanggulan ng Australia ay nag-organisa ng mga palarong kompetisyon upang maibsan ang stress sa lugar ng digmaan.

Ang palaro ay nagbibigay din ng karaniwang dahilan sa kapwa manlalaro at manonood na maramdamang sila ay kabilang at bahagi ng isang bagay na mahalaga sa lipunang Australiano. Ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island at mga migranteng Australiano ay kasali sa mga pinakamatagumpay na tao sa bansa sa larangan ng palaro.

Maraming Australiano ang sumasali sa mga pangkoponan na palaro katulad ng kriket, basketball, netball, at hockey. Ang mga code ng football ng soccer, liga ng rugby, unyon ng rugby at ang natatanging larong Australiano na Australian Rules Football ('Aussie Rules') ay napakapopular na palaro na nilalaro at pinapanood sa Australia. Ang paglangoy, tennis, mga palarong atletiko, golf, pagbibisikleta, paglalakad sa lupang-kasukalan, surfing at skiing ay mga sikat ring gawaing panlibangan.

Tunay na ikinararangal ng Australia ang mga tagumpay nito sa pandaigdigang kompetisyon ng kriket. Ang mga pangkat ng kriket ng Australia at Inglatera ay mayroong maiinit na tunggalian simula pa ng huling ika-19 na siglo.

Ang Melbourne Cup, 'ang karerang nagpapatigil sa nasyon', ay isa sa mga pinakamalaking karera ng mga kabayo sa mundo. Ang unang Melbourne Cup ay ginanap noong 1861. Ang Melbourne Cup ay idinaraos sa unang Martes ng buwan ng Nobyembre, at ginawang pampublikong pista opisyal sa Victoria simula pa noong 1877.

Sir Donald Bradman (1908–2001)

Si Sir Donald Bradman, ay ang pinakamagaling na tagapalo sa larong kriket sa lahat ng panahon, ay isang alamat na manlalarong Australiano. Lumaki siya sa Bowral, New South Wales, at nagsimulang maglaro ng kriket para sa pangkat ng Australia noong taong 1928.

Siya ay kagulat-gulat na mabilis sa kaniyang paa. Sa kaniyang unang tour sa Inglatera noong 1930, sinira niya ang halos lahat ng mga rekord sa pagpapalo. Sa edad na 21, isa na siyang Australianong alamat. Sa kaniyang panghuling tour noong 1948, ang kaniyang koponan ay tinawag na 'The Invincibles', dahil hindi sila natalo sa kahit isa man lang laro na nilaro nila laban sa Inglatera.



Ang mga sining

Ang Australia ay may masiglang pinangyarihan ng sining na kabilang ang mga tradisyong pangkultura ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Ang mga nakikitang sining at pagganap na sining ng Australia, kasama rito ang pelikula, sining, teatro, musika at sayaw, ay nag-ani ng malawak na paghanga sa Australia at sa ibang bansa.

Literatura

Ang Australia ay may malakas na tradisyon sa literatura. Ito ay nagsimula sa mga pagkukuwento ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island at nagpatuloy sa mga kasaysayang sinalaysay ng bibig tungkol sa mga bilanggo na dumating noong huling ika-18 siglo.

Karamihan sa maagang pagsusulat sa Australia ay tungkol sa lupang-kasukalan at ang hirap ng buhay sa ganitong marahas na kapaligiran. Ang mga manunulat na katulad nina Henry Lawson at Miles Franklin ay nagsulat ng mga tula at kwento tungkol sa lupang-kasukalan at sa paraan ng pamumuhay sa Australia.

Ang nobelistang Australiano na si Patrick White ay tumanggap ng Premyong Nobel para sa Literatura noong 1973. Ang iba pang mga sikat na nobelistang Australiano ay kinabibilangan nina Peter Carey, Colleen McCullough, Sally Morgan, Tim Winton, Tom Keneally at Bryce Courtenay.

Judith Wright (1915–2000)

Si Judith Wright ay isang namumukod-tanging makata, tagapangalaga ng kapaligiran at tagakampanya para sa mga karapatan ng Katutubo. Ipinahiwatig niya ang kaniyang pagmamahal sa Australia at mga tao nito sa kaniyang mga tula. Tumanggap siya ng maraming mga premyo kabilang na rito ang Premyong Encyclopaedia Britannica para sa literatura at ang Gintong Medalya ng Reyna para sa Tula. Siya ay miyembro rin ng Komite para sa Pangangalaga ng Australia at ng Komite para sa Kasunduan sa mga Katutubo.

Naaalaala si Judith Wright para sa kaniyang kahusayan bilang isang makata at sa pagsulong ng literaturang Australiano at sa repormang panlipunan at pangkapaligiran.



Teatro at pelikula

Ang mga Australianong drama, pelikula at mga direktor ng pelikula ay kinikilala at minamahal rito sa Australia at sa ibayong dagat. Ang mga aktor na Australiano tulad nila Cate Blanchett, Geoffrey Rush, Nicole Kidman at Hugh Jackman at mga direktor ng pelikula gaya nina Peter Weir at Baz Luhrmann ay mga nagsipanalo ng mga premyong pandaigdig para sa kanilang kahusayan sa larangan ng pelikula.

Nakikitang sining

Ang mga pinakakilalang obra ng nakikitang sining ng Australiano ay ang mga masimbolong Katutubong ipinintang larawan at ang ika-19 na siglong mga larawan ng lupang-kasukalan ng mga pintor tulad nila Tom Roberts, Frederick McCubbin at Arthur Streeton. Noong kalagitnaan ng ika-20 siglo, ang mga artistang sina Russell Drysdale at Sidney Nolan ay ipininta ang karahasan ng ‘outback’ sa matatapang na kulay. Nitong pangkasalukuyan, si Brett Whiteley ay nakakamit ng papuring pandaigdig para kaniyang kakaiba at matingkad na istilo. Ang katutubong sining, na kinabibilangan ng mga obra nina Albert Namatjira, Emily Kame Kngwarreye, Gloria Petyarre, Rover Thomas at Clifford Possum Tjapaltjarri, ay lalong hinahangad sa Australia at sa ibayong dagat.

Musika at sayaw

Ang pinakamadaling makilala, na purong tunog Australiano ay ang 'didgeridoo', isang napakatandang instrumento ng mga taong Katutubo.

Ang mga Australiano ay niyakap at nangibabaw sa lahat ng sangay ng musika at pandaigdig na kinikilala sa kanilang mga kontribusyon sa musikang pangklasiko, "country" at "rock."

Ang mga kilalang musikerong Australiano ay kinabibilangan nina Kylie Minogue, Jimmy Barnes, Paul Kelly, Olivia Newton-John, John Farnham, Nick Cave, at mga Katutubong alagad ng sining na sina Archie Roach, Gurrumul at Jessica Mauboy. Ang mga bandang Australiano katulad ng AC/DC at INXS ay nagkaroon ng maraming tagahanga sa buong mundo.

Ang sayaw na Australiano ay umunlad dahil sa tiyaga ng mga dakilang mananayaw at mga koryograper tulad nila Sir Robert Helpmann, Meryl Tankard, Stephen Page, at Li Cunxin. Ang Bangarra ay isang kompanya ng sayaw ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, na malawak na kinikilala sa buong bansa at iba't ibang panig ng mundo dahil sa natatanging estilo nito sa sayaw, tunog, musika at disenyo.

Mga tagumpay sa agham at imbensiyon

Ang mga Australiano ay mayroong magaling na rekord ng mga natamong tagumpay sa agham at pagsulong sa larangan ng medisina, teknolohiya, agrikultura, pagmimina at paggawa.

Iilang Australiano ang nabigyan ng Premyong Nobel sa mga pagkakatuklas na siyentipiko at sa medisina.

Ang mga nagtagumpay sa larangan ng agham ay nakatanggap din ng Mga Gantimpala sa Australiano ng Taon. Noong 2005, ang gantimpala ay natanggap ni Propesor Fiona Wood, na siyang nagdibelop ng isprey para sa balat ng mga biktima ng sunog. Noong 2006, tinanggap ni Propesor Ian Frazer ang gantimpala para sa pagbuo ng bakuna para sa kanser ng cervix. Sa taong 2007, si Propesor Tim Flannery, isang pangunahing siyentipiko sa kapaligiran ang nakatanggap ng gantimpala.

Si Propesor Wood at Propesor Frazer ay mga migrante mula sa Britanya na lumipat sa Australia. Kasama ni Propesor Frazer sa kaniyang imbensiyon ang yumaong Dr Jian Zhou na isang migrante galing sa Tsina at naging mamamayan ng Australia.

Dr Fiona Wood AM (ipinanganak noong 1958)

Si Dr Wood ay isa sa pinaka-inobatibo at respetadong tagaoperang doktor at mananaliksik. Isang napakadalubhasang plastic at reconstructive na tagaoperang doktor at nangunguna sa mundo na espesyalista sa pagkapaso, pinasimunuan niya ang pananaliksik at pagsulong ng teknolohiya sa medisina sa pagkapaso.

Kasunod ng kanyang trabaho sa mga biktima ng pagbomba sa Bali noong 2002, pinangalanan si Dr Wood bilang Miyembro ng Order of Australia noong 2003.Ang kanyang kontribusyon sa pangangalaga ng mga paso ay kinilala noong siya sa pinangalanang Australiano ng Taon noong 2005.



Professor Fred Hollows (1929–1993)

Si Propesor Fred Hollows ay isang marubdob na ophthalmologist (doktor sa mata) na tumulong sa pagpanumbalik ng paningin sa mahigit na isang milyong katao sa Australia at sa mga umuunlad na bansa. Si Fred Hollows ay ipinanganak sa New Zealand. Noong 1965, lumipat siya sa Australia at pagkatapos ay naging pinuno ng departamentoi para sa mata sa isang ospital sa Sydney.

Siya ay may matibay na paniniwala sa pagkakapantay-pantay ng lahat nga tao at tumulong sa pagtatag ng unang Serbisyong Medikal para sa mga Katutubo, na marami na ngayon sa buong Australia.

Noong 1980, si Fred Hollows ay naglakbay sa buong mundo upang tumulong sa pagtatatag ng mga programa para sa kalusugan ng mata sa mga umuunlad na bansa. Noong Abril 1989, siya ay naging mamamayang Australiano.

Ang mga mabubuting gawa ni Professor Hollows ay nagpapatuloy sa The Fred Hollows Foundation.



Australiano ng Taon

Mula noong 1960, ang Gantimpala ng Australiano ng Taon ay ipinagdiriwang ang mga tagumpay at kontribusyon ng mga pangunahing Australiano. Kahit sino ay maaaring magmungkahi ng isang Australiano sa kahit ano mang katayuan sa buhay para sa gantimpala.

Ang mga Australiano ng Taon ay mga taong nanguna sa kahusayan sa kanilang mga gawain at tumulong sa nasyon. Nagbibigay sila sa atin ng inspirasyon at hinahamon tayo na gumawa ng ating sariling kontribusyon sa paglikha ng mas magandang Australia.

Kabilang ngayon sa mga gantimpala ay ang Batang Australiano ng Taon, Matandang Australiano ng Taon at ang Lokal na Bayani ng Australia.

Ang listahan ng mga kasalukuyan at dating tumanggap ng gantimpala ay nasa www.australianoftheyear.org.au.

Dr James Muecke AM

Tagaoperang doktor ng mata at tagapagbunsod sa paghadlang sa pagkabulag

Australiano ng Taong 2020

Si Dr Muecke ay co-founder ng Sight For All, isang kawanggawa na naglalayong alisin ang pagkabulag sa pamamagitan ng pananaliksik, edukasyon, imprastraktura at pagsasanay ng mga kasamahan sa mga kasosyong bansa.

Naniniwala si Dr Muecke na ang pagkabulag ay isang isyu sa karapatang pantao at nagtatrabaho siya upang lumikha ng isang mundo kung saan makikita ang lahat.



Professor Michelle Simmons (ipinanganak noong 1967)

Isang propesor sa quantum physics
Australiano ng Taon noong 2018

Nagpasimuno si Professor Simmons sa atomic electronics at quantum computing. Sa unahan ng tinatawag niyang "space race sa era ng computing", nilalayon ni Professor Simmons na gumawa ng quantum computer na makakalutas ng mga problema sa loob ng ilang minuto na kung hindi man ay mangangailangan ng libu-libong taon.Ang nasabing pagtuklas ay may potensyal na baguhin ang disenyo ng gamot, pagtataya ng panahon, mga sasakyan na nagmamaneho sa sarili, artipisyal na intelligence at higit pa.

Noong 2018, pinangalanan si Professor Simmons bilang Australiano ng Taon para sa kanyang trabaho at dedikasyon sa agham ng quantum na impormasyon. Noong 2019, hinirang siya bilang Opsiyal ng Order of Australia bilang pagkilala sa kanyang "kilalang serbisyo sa edukasyon sa agham bilang lider sa quantum at atomic electronics at bilang isang huwarang modelo".



Ang perang Australiano

Inilalarawan ng ating pera ang mga tao at simbolo na mahalaga sa Australia.

Ang mga taong napiling ilarawan sa ating pera ay yaong nagpakita ng inisyatiba at malaking kahusayan sa mga larangan ng repormang panlipunan, agham, pulitika, mga tagumpay sa militar at sa sining.

Reyna Elizabeth II (1926–2022)

Si Reyna Elizabeth II ay ang dating Pinuno ng Bansang Australya. Siya ang dating Reyna ng Australya at United Kingdom. Naging malakas at matatag siya sa kahabaan ng kanyang matagal at tanyag na pamamahala.



Parliament House at ang Forecourt Mosaic

Ang eskematikong plano ng Parliament House ay batay sa Design Development Landscape Plan, na ibinigay ng Parliament House Construction Authority. Ang Forecourt Mosaic ay batay sa Central Desert na estilo na tuldok na ipinintang larawan ni Michael Nelson Jagamara na pinamagatang 'Possum and Wallaby Dreaming'.



Dame Mary Gilmore (1865–1962)

Si Dame Mary Gilmore ay isang awtor, peryodista, makata at taga kampanya para sa repormang panlipunan. Inaalaala siya dahil sa kaniyang mga isinulat at sa pagsasalita para sa interes ng mga babae, mahihirap na tao, at Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.



AB 'Banjo' Paterson (1864–1941)

Si Andre Barton Peterson ay isang makata, manunulat ng kanta at peryodista. Nagsulat siya sa ilalim ng pangalang 'Banjo' Peterson at inaalaala siya lalung-lalo na pagsusulat sa liriko ng 'Waltzing Matilda', ang pinakapopular na awiting bayan sa Australia.



Reverend John Flynn (1880–1951)

Si Pastor John Flynn ang nagsimula ng unang serbisyong paggamot sa himpapawid, ang Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor sa Australia. Naalaaala siya dahil sa pagligtas sa maraming buhay sa pamamagitan ng paghatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa pinakamalayong mga lugar sa Australia.



Mary Reibey (1777–1855)

Si Mary Reibey ay isang tagapangunang negosyanteng babae sa kolonya ng New South Wales. Pagkatapos dumating sa Australia na isang batang bilanggong naninirahan, siya ay naging iginagalang na lider ng komunidad.



Edith Cowan (1861–1932)

Si Edith Cowan ay isang manggagawang panlipunan, pulitiko at peminista. Siya ang unang babaeng nahalal sa alinmang parlamento ng Australia.



David Unaipon (1872–1967)

Si David Unaipon ay isang manunulat, mananalumpating pampubliko at imbentor. Siya ay naaalala dahil sa kaniyang kontribusyon sa agham at literatura, at sa pagpapabuti ng mga kondisyon ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.



Sir John Monash (1865–1931)

Si Sir John Monash ay isang inhinyero, administrador at isa sa mga dakilang kumander ng militar ng Australia. Naaalala siya dahil sa kaniyang pagiging lider, katalinuhan at kagalingan sa pagsasalita.



Dame Nellie Melba (1861–1931)

Si Dame Nellie Melba ay isang tanyag na soprano sa mundo. Kilala sa buong mundo na “Reyna ng Awit”, siya ang unang Australiano na naging sikat na mangangata sa mundo.



Mga pambansang araw at pagdiriwang

Ang mga pambansang pista opisyal ng Australia ay sumasalamin sa mga pagdiriwang at mga mahalagang kaganapan ng ating kasaysayan mula ng paninirahan ng mga taga-Europa.

Mga nakapirming petsa

- Ang **Araw ng Bagong Taon sa Enero 1** ay nagdidiriwang sa simula ng bagong taon.
- Ang **Araw ng Australia sa Enero 26** ay panahon upang pagnilaynilayan kung ano ang kahulugan ng pagiging Australiano, oras upang ipagdiwang ang kontemporaryong Australia at kilalanin at tanggapin ang kasaysayan nating lahat. Ang petsang ito ay nagmamarka sa anibersaryo ng pagdating ng Unang Plota sa Sydney Cove noong 1788.
- Ang **Araw ng Anzac sa Abril 25** ay nagmamarka sa anibersaryo ng paglapag ng Pangkat ng Hukbo ng Australia at New Zealand (ANZAC) sa Gallipoli sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ito ay isang mataimtim na araw na ating inaalaala ang sakripisyo ng lahat ng Australianong lumaban at namatay sa mga digmaan, giyera, at mga operasyon sa pagpapanatili ng kapayapaan. Pinararangalan din natin ang katapangan at pagtatalaga sa sarili ng lahat ng mga sundalong lalaki at babae, at nagninilaynilay tayo sa maraming magkakaibang kahulugan ng digmaan.
- Ang **Araw ng Pasko sa Disyembre 25** ay isang araw ng pagbibigayan ng regalo batay sa pagdiriwang ng mga Kristiyano sa kapanganakan ni Hesukristo.
- Ang **Araw ng Boxing sa Disyembre 26** ay bahagi ng pagdiriwang ng Pasko.

Nag-iibang petsa

- Ang **Araw ng Manggagawa o Walong Oras na Araw** ay nagdidiriwang sa pagkamit ng mga Australianong manggagawa ng isang araw ng trabaho na walong oras ang tagal—ang kauna-unahan sa mundo.
- Ang **Easter** ay nagdidiriwang sa kwentong Kristiyano sa pagkamatay at pagkabuhay na muli ni Hesukristo.
- **Ang King's Birthday ay nagdiriwang sa kapanganakan ng pinuno ng bansang Australya, Hari Charles III. Ang selebrasyong ito ay ginaganap sa pangalawang Lunes sa buwan ng Hunyo sa bawat estado at teritoryo maliban sa Kanlurang Australia at Queensland.**

Iba pang mga pista opisyal

Ang iba pang mga pista opisyal ay ginaganap sa ibang mga estado, teritoryo at siyudad. Halimbawa, ang Australian Capital Territory ay may Araw ng Canberra, ang Katimugang Australia ay may Araw ng mga Boluntaryo, at ang Kanlurang Australia ay may Araw ng Pundasyon.

Iba pang mga mahahalagang petsa (hindi mga pampublikong pista opisyal)

- Ang **Linggo ng Pagkakasundo** ay isinasagawa sa linggo na kinabibilangan ng Marso 21 at isang pagdiriwang ng pagkakaiba-iba ng ating kultura.
- Ang **Araw ng Pagkamamamayang Australiano sa Setyembre 17** ay ang araw kung kailan pinagdidiriwang natin ang panlahatang pagkakaugnay na kinakatawan ng pagkamamamayang Australiano at sumasalamin sa tungkulin na ginagampanan natin sa paghubog ng hinaharap ng ating bansa.
- Ang **Linggo ng Pagkakasundo ng Bansa sa Mayo 27 hanggang Hunyo 3** ay isang linggo kung saan nagsusumikap tayo patungo sa isang mas makatarungan, at pantay na bansa sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagkakaisa at paggalang sa isa't isa.

Mga taong Australiano

Ang Australia ay isa sa mga lipunan sa mundo na binubuo ng pinakamaraming iba't ibang uri ng tao. Humigit-kumulang tatlong porsiyento ng populasyon ay kinikilala ang sarili bilang Katutubo at/o mga taong mula sa Torres Strait Island. Mas higit sa ikaapat na bahagi ng mga naninirahan sa Australia ay ipinanganak sa ibayong dagat, at naglakbay bilang mga migrante mula sa higit sa 200 bansa. Ang pagkakaiba-iba ng populasyon ay nagbibigay sa Australia ng isang mayamang ibat-ibang mga wika, mga paniniwala, tradisyon at kultura.

Bilang miyembro ng Komonwelt ng mga Nasyon, may malapit na relasyon pa rin ang Australia sa United Kingdom.

Pinagmamalaki ng mga tao ng Australia ang pagiging mamamayang Australiano, na isang mahalagang ugnay na nagdudulot ng pagkakaisa sa ating lipunang binubuo ng iba't ibang uri ng tao. Ang Araw ng Pagkamamamayang Australiano ay ipinagdiriwang sa Setyembre 17 bawat taon. Araw ito para makapagnilay-nilay ang lahat ng mga mamamayang Australiano sa tungkuling ginagampanan natin sa pagtayo ng ating nasyon at paghubog sa kinabukasan ng ating bansa.

Ang ekonomiya ng Australia

Ang Australia ay may isang matatag at masiglang ekonomiya, at pinapahalagahan nito ang kaniyang masigla at bihasang manggagawa. Ang kalidad ng buhay na tinatamasa ng mga tao sa Australia ay isa sa mga pinakamataas sa mundo.

Dick Smith (ipinanganak noong 1944)

Si Dick Smith ay isang Australianong negosyante, adbenturero at pilantropo. Nakamit niya ang kaniyang yaman mula sa negosyong elektroniks at ginamit niya ang kaniyang yaman upang isulong ang Australia. Sinimulan niya ang kompanya ng pagkain na Australiano lang ang nagmamay-ari at namuhunan siya ng milyon-milyong dolyares upang tulungang mapanatiling pag-aari ng Australiano ang mga kompanya.

Siya ay napiling Australiano ng Taon noong 1986 at nanalo ng gantimpala para sa pagsulong sa teknolohiya at pangangalaga ng kapaligiran. Siya ang kauna-unahang tao na tumawid sa Australia, at sa Dagat ng Tasman, sa isang sasakyang-lobo na pinalilipad ng mainit na hangin. Kilala siya sa kaniyang pagiging adbenturero, sa kaniyang mga tagumpay sa negosyo at sa kaniyang marubdub na pagmamahal sa Australia.



Ang pamilihan

Ang mga matatag at modernong institusyon sa pananalapi ng Australia at mahigpit nitong mga regulasyon sa pagbubuwis at pangangalakal ang nagdulot ng kasigurahan sa gawaing pangnegosyo. Ang mga industriyang panserbisyo, na kinabibilangan ng turismo, edukasyon at mga serbisyong pananalapi, ay bumubuo sa malaking bahagi ng pangkalahatang produktong domestiko (gross domestic product) ng Australia.

Ang katatagan sa ekonomiya ng Australia ang nagpapa-akit na destinasyon ng pamumuhunan. Ang pamilihan ng saping-puhunan ng Australia ay isa sa pinakamalaki sa rehiyon ng Asya at Pasipiko.

Pangangalakal

Ang pinakamalaking kasosyong pangkalakalan ng Australia ay ang Tsina, Hapon, Estados Unidos, Timog Korea, Singapore, India, New Zealand at United Kingdom. Ang pangunahing produktong iniluluwas ng Australia ay coal, iron ore, natural gas, at edukasyon, at mga serbisyong panturismo. Ang ating ekonomiya ay nakabukas at ang pangangalakalal ay laging isang mahalagang bahagi ng kaunlaran sa ekonomiya ng Australia.

Pagmimina

Ang Australia ay sagana sa likas na kayamanan tulad ng karbon, tanso, nilusaw na likas-na gas at mga mineral na buhangin. Mataas ang demand nito sa buong mundo.

Ang Australia bilang isang mamamayang pangdaigdig

Ikinararangal ng Australia ang bahaging ginagampanan nito bilang isang mabuting mamamayang pandaigdig. Ipinakikita ito ng mga Australiano sa pamamagitan ng pagtulong sa mga hindi kasimpalad natin sa iba't ibang panig ng daigdig.

Mga tulong pang-internasyonal at mga gawaing pangkabutihan

Ang Pamahalaan ng Australia ay may programa ng pagtulong sa mundo at sinusuportahan ang mga umuunlad na bansa na mabawasan ang kanilang kahirapan at matamo ang isang mapagpapatuloy na kaunlaran. Ibinibigay natin ang suportang ito sa ating rehiyon at sa iba't ibang panig ng mundo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao at sa mga pamahalaan.

Ipinakikita ng Australia ang malaking kabutihang-loob kung may mga malaking kapahamakan naganap sa ating bansa o sa ibayong dagat. Nagbibigay din tayo ng donasyon sa mga bansang nakakaranas sa patuloy na kahirapan sa pamamagitan ng mga personal na donasyon at programa ng pagtulong ng Australia.

Noong 2018, sina Dr Richard Harris at Dr Craig Challen ay binigyan ng gantimpalang ikalawang pinakamataas na dekorasyon sa katapangan sa Australia, ang Bituin ng Katapangan (Star of Bravery), kasama ng Medal of the Order of Australia (OAM), para sa kanilang pagsisikap na iligtas ang 12 tinedyer at kanilang coach sa soccer sa isang nabahaang sistema ng kuweba sa Thailand.

Masiglang paglahok ng Australia sa pandaigdigang mga forum

Ang Australia ay naging masiglang miyembro ng Nagkakaisang Bansa (United Nations, UN) simula nang ito ay itinatag noong 1945. Ang Australia ay nagbibigay ng proteksiyon sa mga taong nakilalang tumatakas sa ilalim ng Kombensiyon ng UN Para sa mga Taong Tumatakas sa Kanilang Bansa (UN Refugee Convention) ng 1951. Tayo ay tumutulong din sa UN sa kaniyang mga gawaing pagpapanatili ng kapayapaan, at pangkagipitan at pantaong mga pagtugon para sa mga umuunlad na bansa, at may malaking pakikilahok sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).

Noong 1971, ang Australia ay naging isang lubusang miyembro ng Organisasyon Para sa Kooperasyong Pang- ekonomiko at Kaunlaran (Organization for Economic Cooperation and Development, OECD). Ang OECD ay naglalayon na mapabuti ang kagalingang pang-ekonomiya at panlipunan ng mga tao sa buong mundo habang pinapalawak ang pandaigdigang kalakal.

Malakas na sinusuportahan ng Australia ang maigting na kooperasyon sa rehiyon ng Asya at Pasipiko. Ito ay isang masiglang miyembro ng Kooperasyong Pang-ekonomiko ng Asya at Pasipiko (Asia-Pacific Economic Cooperation), ng Pagpupulong ng Silangang Asya, (East Asia Summit), at ng Forum ng mga Isla sa Pasipiko (Pacific Islands Forum). Ito ay kapareha sa dayalogo ng Samahan ng Mga Bansa sa Timog-Silangang Asya at sumasali sa mga Pangrehiyong Forum nito.

Dr Catherine Hamlin AC (ipinanganak noong 1924–2020)

Si Dr Catherine Hamlin ay isang gynaecologist, na nakilala sa pagsagip sa mga batang babaeng taga-Ethiopia sa buhay ng pagdurusa. Simula noong 1959, si Dr Hamlin ay nagtrabaho sa Addis Ababa sa Ethiopia na tumutulong sa mga babaeng may kapansanang dulot ng panganganak na kilala bilang 'obstetric fistula'. Ang mga babaeng may ganitong problema sa loob ng katawan ay hindi makakakontrol sa kanilang pag-ihi at pagdumi at dahil dito napapahiya sila at itinatakwil pa ng kanilang komunidad.

Si Dr. Hamlin at ang kaniyang asawa ay nagtatag ng Ospital ng Fistula sa Addis Ababa. Ang kanilang ginawa ay nangahulugang ang libu- libong babae ay maaari nang bumalik sa kanilang tahanan upang mamuhay nang lubos at malusog.

Noong 1995, si Dr Hamlin ay ginawang Kompanyon ng Order ng Australia, ang pinakamataas na gantimpalang Australiano.



Mga Premyadong Nobel na Australiano

Ang Australia ay nakilala sa pagsasaliksik sa larangan ng agham at medisina. Ang mga sumusunod na Australiano ay nanalo ng Premyong Nobel sa mga larangang ito.

- Professor William Bragg (1862–1942) at Lawrence Bragg (1890–1971), mga physicist
  Sina William Bragg (ama) at Lawrence Bragg (anak) ay magkasamang nanalo ng Premyong Nobel sa Siyensiya ng Pisiko noong 1915, 'para sa kanilang mga serbisyo sa pag-aanalisa ng istraktura ng kristal sa pamamagitan ng paggamit ng mga X-ray'.
- Sir Howard Walter Florey (1898–1968), pathologist
  Ipinanganak sa Adelaide, Katimugang Australia, si Howard Florey ay tumanggap ng Premyong Nobel para sa Physiology o Medisina noong 1945 (may kasama) 'para sa pagdiskubre ng penisilin at bisa nito sa paggamot ng maraming mga nakahahawang sakit'.
- Sir Frank Macfarlane Burnet (1899–1985), medikal na siyentipiko at biologist
  Ipinanganak sa Victoria, si Frank Burnet ay nanalo ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 1960 (may kasama) 'para sa pagdiskubre ng 'acquired immunological tolerance''.
- Sir John Carew Eccles (1903–97), physiologist
  Si John Eccles ay ipinanganak sa Melbourne at tumanggap ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 1963 (may kasama) 'para sa mga pagdiskubre ng mga mekanismong iyoniko na kaugnay sa pagpupukaw at pagpipigil ng mga parteng katabi at sa gitna ng laman ng selyulang pangnerbiyos'.
- Sir Bernard Katz (1911–2003), doktor at biophysicist
  Isinilang sa Alemanya, naging mamamayang Australiano si Bernard Katz nooong 1941. Nakatanggap siya ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 1970 para sa 'mga pagdiskubre tungkol sa mga humoral transmitter sa mga dulo ng nerbiyo at ang mekanismo ng pag-imbak, pagpapakawala at pagpa-inactivate sa kanila'.
- Professor John Warcup Cornforth (1917–2007), chemist
  Si John Cornforth ay ipinanganak sa Sydney at tumanggap ng Premyong Nobel sa Kemiko noong 1975 (may kasama) 'para sa kaniyang trabaho sa stereochemistry ng mga enzyme-catalyzed reaction'.
- Professor Peter Doherty (ipinanganak noong 1940), immunologist
  Si Peter Doherty ay ipinanganak sa Queenland at tumanggap ng Premyong Nobel para sa Physiology o Medisina noong 1996 (na may kasama) 'para sa mga pagtuklas na may kinalaman sa pagiging espesipiko ng depensa ng immune system na pinamamagitanan ng selyula'.
- Professor Barry Marshall (ipinanganak noong 1951), gastroenterologist, at Doctor Robin Warren (ipinanganak noong 1937), pathologist
  Si Barry Marshall at Robin Warren ay magkasamang nanalo ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 2005 sa kanilang pagdiskubre ng 'bacterium Helicobacter pylori at ang ginagampanan nito sa sakit na gastritis at peptic ulcer'.
- Professor Elizabeth Helen Blackburn (ipinanganak noong 1948), biologist
  Si Elizabeth Blackburn ay ipinanganak sa Hobart at tumanggap ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 2009 (may kasama) 'para sa pagdiskubre kung paano pinoprotektahan ang mga chromosome ng mga telomere at ng enzyme na telomerase'.
- Professor Brian P. Schmidt (ipinanganak noong 1967), astronomer
  Si Brian P. Schmidt at tumanggap ng Premyong Nobel sa Siyensiya ng Pisiko noong 2011 (may kasama) 'para sa pagdiskubre ng bumibilis na pagpapalawak ng uniberso sa pamamagitan ng mga obserbasyon ng mga malalayong supernovae'.

Ang sumusunod na Australiano ay tumanggap ng Premyong Nobel sa Literatura.

- Patrick White (1912–90), nobelista at playwright
  Ipinanganak sa London sa mga magulang na Australiano, si Patrick White ay nanalo ng Premyong Nobel sa Literatura noong 1973 'para sa pagsusulat sa isang mahabaan at sikolohiyang pagsasalaysay na sining na nagpakilala sa literatura ng isang bagong kontinente'.



IKA-ANIM NA BAHAGI

Ang ating kwentong Australiano

Ang ating kwentong Australiano

Ang kwento ng Australia ay hinubog ng maraming tao at kaganapan.

Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island

Ang mga unang tao nanirahan sa Australia ay ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, na may pinakamatandang nagpapatuloy na mga kultura at tradisyon sa daigdig.

Nagpapahiwatig ang mga arkeolohikong rekord na ang mga Katutubong tao ay nakarating sa Australia sa pagitan ng 65,000 at 40,000 taong nakalipas; subalit, naniniwala ang mga Katutubong tao na sila ang sentro ng mga kwento ng paglikha ng lupaing ito, at ang kanilang mga kwento ng paglikha ay nagsisimula sa simula ng panahon.

Ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay may napakatanda nang mga paniniwala at tradisyon na gumagabay pa rin sa kanila ngayon. Mayroon silang malalim na kaugnayan sa lupain na ipinahihiwatig sa kanilang mga kwento, sining at sayaw.

Mga wika

Bago naninirahan ang mga taga Britanya, mahigit sa 700 wika at mga diyalekto ang ginagamit ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Higit sa 100 ng mga wikang ito ay ginagamit pa rin hanggang ngayon, bagaman wala pang dalawampu ang ipinapasa pa rin sa kanilang mga anak. Ang mga kasaysayang bukambibig ng mga katutubong kultura ay napakalahaga dahil ipinahahayag nila ang kwento ng mga tao at ng lupa.

Ang Pangangarap

Ang Pangangarap (The Dreaming) ang katagang ginagamit sa kanlurang bahagi ng mundo upang ilarawan ang sistema ng kaalaman, pananampalataya at gawi na gumagabay sa buhay ng mga Katutubong tao.

Ang mga kwento sa Pangangarap ay ikinikwento sa mga anak ng kanilang mga magulang at nakakatandang kamag-anak. Ang mga kwentong ito ay nagtuturo sa mga bata kung paano hinubog at tinirhan ang kanilang lupain. Ang mga kwento ay nagbibigay din sa mga bata ng mga mahahalagang praktikal na aralin, halimbawa, kung saan hahanap ng pagkain sa lupang-kasukalan.

Ang mga kwento ng Pangangarap ay ikinikwento gamit ang musika, kanta at sayaw. Kapag ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay sumayaw at kumanta, sila ay nakakaramdam ng malalim na kaugnayan sa kanilang mga ninuno.

Ang orihinal na mga porma ng sining na Katutubo ay mga inukit sa bato o mga pagpintang-guhit at mga disenyo sa lupa. Ang mga taong mula sa Gitnang Australia ay karaniwang lumikha ng mga kinatawang nakikitang sining gamit ang mga tuldok, bilog at mga partikular na simbolong pangkultura na kumakatawan sa mga lupain o mga kwento mula sa Pangangarap, habang yaong mga nasa parteng kahilagaan ng Australia ay nagpipinta ng mga pigura ng tao, hayop, simbolo, at mga ispiritu.

Patuloy na mahalaga ang Pangangarap sa mga Katutubong tao sa ngayon.



Katutubong sining ng Kakadu

Ang mga unang taga-Europa sa Australia

Maagang paggalugad ng mga taga-Europa

Noong ika-17 na siglo, ang mga tagagalugad na taga-Europa ay nakadiskubre ng mga parte na tinawag nilang 'Terra Australis Incognita' — ang lupaing walang nakakaalam sa timog. Noong 1606, isang Olandes, si Willem Janszoon, ay naglakbay sa tabing kanluran ng Cape York Peninsula sa dulong hilaga ng Australia. Sa halos magkasabay na panahon, pinamunuan ni Luís Vaez de Torres ang isang barko ng Espanya sa paglalayag patungo sa strait sa hilaga ng kontinente.

Sa huling bahagi ng 1600s, ang mga magdaragat na Olandes ay gumalugad sa baybayin ng Kanlurang Australia, at tinawag nila ang lupaing ito na "Bagong Olanda".

Noong 1642, nadiskubre ni Abel Tasman ang baybayin ng isang bagong lupa na tinawag niyang 'Van Diemen's Land' (ngayon ay Tasmania). Nilakbay din niya ang libo-libong milya ng baybayin ng Australia. Ang kaniyang di kumpletong mapa ng Bagong Olandes ay ipinakikita na siya ay naniniwala na ang lupang ito ay nakakabit sa Papua New Guinea sa hilaga nito.

Si William Dampier ang unang Ingles na yumapak sa lupa ng Australia. Noong 1684, siya ay lumapag sa baybayin sa hilagang kanluran. Dahil ang lupa ay tuyot at maalikabok, hindi niya ipinalagay na ito ay magagamit sa pangangalakal o maaaring panirahan.



Ang mapa ng Bagong Olandes ni Abel Tasman, 1644

Kapitan James Cook

Hanggang sa pagdating ng isang Ingles na si James Cook sa silangang baybayin ng Australia noong 1770, hindi pa ito nagalugad ng mga taga-Europa. Si Cook ay ipinadala ng Pamahalaan ng Britanya sa isang paglalakbay ng pagdiskubre ng Timog Pasipiko. Nilakbay niya ang silangang baybayin at nilapag ang kanyang barko, na 'Ang Pagpupunyagi' (The Endeavour), sa Botany Bay, sa timog lang ng kasalukuyang Sydney. Tinawag ni James Cook ang lupang ito na 'New South Wales', at kaniyang inangkin ito para kay Haring George III.

Ang transportasyon ng mga bilanggo

Ang Australia ay kakaiba, dahil sa halos lahat ng mga unang naninirahan dito na galing sa Europa ay mga bilanggo. Pagkatapos na makamit ng Estados Unidos ng Amerika ang kaniyang kalayaan, ang Dakilang Britanya ay hindi na maaaring makapagpadala ng kaniyang mga bilanggo doon at naging napakasikip ng mga bilangguan ng Britanya. Noong 1786, nagdesisyon ang Dakilang Britanya na ipadala ang ilang mga bilanggo sa bagong kolonya ng New South Wales.

Ang unang kolonya

Ang unang Gobernador ng kolonya ng New South Wales ay si Kapitan Arthur Phillip. Ligtas niyang dinala ang 11 barko na mula sa Britanya sa kabilang panig ng mundo, at pinatungo niya ang 'Unang Plota' sa Sydney Cove noong Enero 26, 1788. Sa anibersaryo ng araw na ito ay ating ipinagdiriwang ang Araw ng Australia taun-taon.

Ang mga unang taon ng paninirahan

Ang mga unang taon ng kolonyal na paninirahan ay masyadong napakahirap. Upang masiguro na hindi magutom ang mga tao, nilagay ni Gobernador Phillip ang bawat isa sa parehong rasyon ng pagkain, kabilang na siya at kaniyang mga opisyal. Ang kaniyang normal na pag-iisip at determinasyon ang tumulong na mapanatili ang kolonya noong mga mahihirap na taong yaon.

Ang mga bilanggo ay nagsikap nang husto sa mga unang taon ng paninirahan. Ang mga bilanggo na natapos ang kanilang mga sentensiya ay naging mga malalayang lalaki at babae at sumanib sa komunidad upang magtrabaho at magpalaki ng pamilya.



Ang Unang Plota ay lumakbay mula sa Britanya, at dumating sa Sydney Cove noong 1788

Mga bagong oportunidad

Ang unang populasyon ng taga-Europa ng Australia ay binuo sa karamihan ng mga Ingles, Scottish, Welsh at Irish. Ang mga Scottish, Welsh at Irish ay kalimitang nakikipagdigmaan sa mga tubong Ingles noong nakaraan, subalit sa Australia, ang apat na grupo ay namuhay at nagtrabahong magkakalapit at magkakasama.

Mga bilanggo at dating bilanggo ay nagsimulang makakita ng mga oportunidad sa kolonya. Ang ilang mga dating bilanggo ay nagtayo ng kanilang mga sariling negosyo bilang mga komersyante. Ang ibang mga dating bilanggo ay naging magaling na magsasaka, mangangalakal, may-ari ng mga tindahan at nagpatakbo ng mga painuman ng alak.

Caroline Chisholm (1808–77)

Si Caroline Chisholm ay isang nangungunang lider ng repormang panlipunan na nakapagpabuti sa sitwasyon ng mga babaing walang asawa sa baguhang mga kolonya. Dumating si Caroline sa Australia na kasama ang kaniyang asawa na opisyal sa hukbo at limang anak noong 1838. Tinulungan niya ang mga migranteng babae na nakatira sa mga kalsada ng Sydney. Sa loob ng ilang taon, siya ay nagtayo ng 16 na hostel para sa mga migranteng kababaihan sa paligid ng kolonya.

Si Caroline ay nagsikap na pagbutihin ang buhay sa barko para sa mga taong naglalakbay papunta sa mga kolonya. Isinaayos din niyang magkaroon ng isang plano ng pagpapahiram ng pera para sa mga dukha upang tulungan silang masira ang siglo ng pag-asa sa iba at sa kahirapan.

Sa kasalukuyan, maraming mga iskwelahan sa Australia ang ipinangalan kay Caroline Chisholm. Siya ay kilala bilang ‘kaibigan ng mga migrante’ at siya ay inaalaala dahil sa kaniyang walang kapagurang pagsumikap na tumulong sa mga tao upang magpanibagong buhay.



Gobernador Macquarie

Katulad ni Gobernador Phillip, si Gobernador Lachlan Macquarie ay mayroong isang mahalagang lugar sa ating maagang kasaysayan. Pinamahalaan niya ang kolonya ng New South Wales sa pagitan ng 1810 at 1821, at binuo niya ito bilang isang malayang paninirahang lugar, at hindi isang kolonya ng mga bilanggo. Ginawa niyang mas mahusay ang mga kaugaliang pagsasaka, gumawa siya ng mga bagong kalsada at mga pampublikong pasilidad, at hinimok niya ang paggalugad ng Australia.

Naglagay din ng pera si Gobernador Macquarie sa edukasyon at iginalang niya ang mga karapatan ng dating bilanggo. Binigyan niya ang nga dating bilanggo ng mga trabaho tulad ng mga huwes at mga tagapagsilbi sa publiko.

Si Gobernador Macquarie ay pinararangalan sa kasaysayan para sa mga positibong pagbabago na ginawa niya sa kolonya. Ang Unibersidad ng Macquarie sa New South Wales ay ipinangalan sa kaniya.

Pamanang bilanggo

Ipinalagay na ang posisyon ng Gobernador ay masyadong makapangyarihan para sa isang tao, kaya noong 1823, ang Konsehong Pambatasan ng New South Wales ay binuo upang magpayo sa susunod na Gobernador at repormahin ang kolonya.

Itinigil ng Britanya ang pagpapadala ng mga bilanggo sa New South Wales noong 1840, sa Tasmania noong 1852, at sa Kanlurang Australia noong 1868. Sa kabuuan, mahigit sa 160,000 bilanggo ang nailipat sa Australia. Ang mga pagkakahati sa pagitan ng mga dating bilanggo at maninirahan ay unti-unting naglaho. Mula noong 1850s, ang mga naninirahan sa mga kolonya ay nagsimulang pamahalaan ang kanilang sarili at ninais na magtatag ng kagalang-galang na mga lipunan. Maraming Australiano ang natutong maipagmamalaki ang pamanang bilanggo.

Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island pagkatapos ng paninirahan ng taga-Europa

Sa 1788, sa pagsisimula ng pagdating ng paninirahan ng mga taga-Europa, tinatantiya na may 750,000 hanggang 1.4 milyong Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island sa Australia. Kasama sa bilang nila ang mga 250 indibidwal na nasyon at mahigit sa 700 grupo ng mga wika.

Nang unang manirahan sila sa Australia, ang Pamahalaan ng Britanya ay hindi gumawa ng kasunduan sa Katutubong mga tao. Naniwala ang mga awtoridad ng Britanya na may legal na karapatan sila upang sakupin ang lupain.

Ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay may sariling mga ekonomiya at isang matanda at walang maliw na kaugnayan sa lupain. Kung noon namuhay sila sa ilalim ng kanilang mga patakaran, napilitan na sila ngayong tanggapin ang mga batas ng mga bagong dating. Ang mga bagong dating ay hindi inimbitahan at sa pangkalahatang hindi rin sila tinanggap.

Ang mga buhay ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay nagbago nang lubusan sa pagdating ng mga naninirahan sa mga kolonya ng taga-Britanya. May mga buhay na kinitil at mga lupang ninakaw habang tinangka ng mga nagtatag ng kolonya na igiit ang isang bagong kaayusang panlipunan, pang-ekonomiya at panrelihiyon. Ipinasok ang mga bagong hayop, tanim at mga sakit.

Ang mga naunang gobernador ay sinabihang huwag saktan ang mga Katutubong tao, subalit ang mga maninirahang taga-Britanya ay tumira sa mga lupain nila at maraming Katutubong tao ang pinatay. Ang mga naninirahan ay kalimitang hindi pinarusahan sa paggawa ng mga ganitong krimen.

Ilang mga katutubong tao at mga maninirahang taga-Europa ang nakayang mamuhay nang mapayapa at magkakasama. Ang ilang mga maninirahan ay nagpapatrabaho ng mga katutubong tao sa kanilang sakahan ng mga tupa at baka. Si Gobernador Macquarie ay nag-alay sa mga katutubong tao ng kanilang sariling lupa para sa pagsasaka at nagtayo ng mga iskwela para sa katutubong mga bata. Subalit, mangilan-ilan lamang sa mga Katutubong tao ang may gusto ng buhay na tulad ng sa mga maninirahan, dahil hindi nila gustong mawala ang kanilang mga tradisyong pangkultura.

Maraming Katutubong tao ang pinatay sa mga labanan hinggil sa lupain. Kahit hindi alam ang tunay na bilang, tinatantiya na daang libong Katutubong tao ang namatay. Mas maraming Katutubong tao ang namatay mula sa mga sakit na dinala ng mga taga-Europa sa bansa. Ang pagkawala ng katutubong buhay ay napakalaking kasawian.

Mga makasaysayang palatandaan

Paggalugad sa loob ng lupain

Sa New South Wales, ang mga naunang maninirahan ay humarap sa matinding kahirapan. Ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay natutong mabuhay at makaraos sa ganitong uri ng kapaligiran, bagama't nagdusa rin sila ng sa panahon ng tagtuyot.

Ang Blue Mountains (humigit-kumulang 50 kilometro sa kanluran ng Sydney) ay malaking hamon sa maagang tagagalugad ng kaloob-loobang lupain ng Sydney. Noong 1813, tatlong lalaki na sina Gregory Blaxland, William Charles Wentworth at William Lawson, at sa wakas nakatawid sa bulubunduking ito. Ngayon, ang kalsada at daang riles patawid sa Blue Mountains ay sumusunod pa rin sa rutang kanilang dinaanan.

Sa kabilang ibayo ng mga bundok na ito, nadiskubre ng mga tagagalugad ang malawak na lupain na mainam sa pag-aalaga ng mga tupa at baka. Sa kaloob-looban pa, natagpuan nila ang tuyo at disyertong lupain.

Nagkaroon ng malaking problema ang mga tagagalugad na taga-Europa sa paghahanap ng tubig at pagdadala ng sapat na pagkain upang mabuhay. Si Ludwig Leichhardt, isang tagagalugad na ipinanganak sa Alemanya, ay nawala habang pilit na tinatawid ang kontinente mula silangan hanggang kanluran noong 1848.

Noong 1860, binalak na maglakbay nila Robert O'Hara Burke at William John Wills mula Melbourne upang tumawid ng Australia mula sa timog hanggang sa hilaga. Pinangunahan nila ang isang malaking ekspedisyon, subalit ang kanilang pagtawid ay naging napakahirap. Sina Burke at Wills ay hindi mga taong sanay sa lupang-kasukalan. Tumanggap sila ng ekpertong payo sa mga Katutubong Yandruwandha ngunit ang dalawang tagagalugad ay namatay sa kanilang paglalakbay pabalik. Bagama't nabigo silang tapusin ang kanilang ekspedisyon, ang kanilang kwento ay inaalala sa sining at literatura. Isa itong kalunus-lunos na halimbawa ng karahasan ng ating lupain.



Mga maninirahan at tagabunsod

Kahit na ang mga maninirahan ay may magandang lupa, ang buhay ay napakahirap pa rin. Pagkatapos ng mga panahon ng tagbaha o tagtuyot, maaaring mawalan ng kabuhayan ang mga maninirahan at ang mga magsasaka ay malimit na kailangang magsimula uli. Gayun pa man, ang mga tao ay babangong muli at magpapatuloy sa kanilang pagpupunyagi. Ang katagang 'Aussie battler', na lumalabang Aussie sa wikang Tagalog, ay kumakatawan sa pagiging palaban at matatag na Australiano. Ang naunang mga nanirahan ay pinararangalan para sa kanilang katapangan sa mga panahon ng kahirapang ito. Madalas na kailangang ipagpatuloy ng mga babae ang negosyo o ang pagbubukid kung ang mga lalaki ay umaalis o namatay.

Noong unang panahong ito ng karahasan na ang diwa ng pagiging magkakaibigan ng Australiano ay nagsimula. Ito ay matindi sa mga lalaki na nagsipaglakbay sa 'outback', naggugupit ng tupa at nagpapastol ng kawan. Nagtutulungan sa isa't isa ang mga maninirahan sa mga panahong taghirap. Ang tradisyong ito ay malaking bahagi pa rin ng buhay Australiano.


Ang pagsugod sa pagmimina ng ginto

Ang pagkakadiskubre ng ginto sa New South Wales sa simula ng 1851 ay isinalarawan na 'ang pagkakadiskubre na nagpabago sa nasyon'. Pagkatapos ng maikling panahon, nalaman din na may ginto sa Victoria, isang bagong nagsasariling kolonya.

Sa katapusan ng 1852, humigit-kumulang 90,000 katao ang mga nakapaglakbay patungong Victoria mula sa lahat ng parte ng Australia at sa buong mundo upang maghanap ng ginto.

Ang himagsikan ng Eureka ay inaalaala na isang dakilang pangyayaring demokratiko sa kasaysayan ng Australia. Ang mga tropa ng sundalo ng pamahalaan ay naging marahas sa mga nagmimina ng ginto nang kanilang kolektahin ang bayad sa lisensiyang maghukay ng ginto. Noong Nobyembre 11, 1854, humigit-kumulang 10,000 katao ang nagtipon sa Bakery Hill sa Ballarat upang pagtibayin ang isang karta ng mga saligang karapatang demokratiko, kabilang ang pagtanggal sa mahal na mga lisensiya sa paghukay ng ginto, at ang kakayahang bumoto para sa mga kinatawan sa Parlamento ng Victoria.

Kasunod nito, ang ‘Tanggulan ng Eureka’ ay itinayo sa mga hukay ng Eureka. Dito kung saan ang mga taong naghuhukay ay sumumpa sa bandila ng rebelde (na tampok ang Krus sa Katimugan) upang sama-samang tatayo at lalaban upang depensahan ang kanilang mga karapatan at kalayaan. Ang mga opisyal ng pamahalaan ay nagpadala ng mga sundalo upang sugurin ang tanggulan sa umaga ng Disyembre 3, 1854. Pagkatapos ng maikling labanan, ang mga nagmimina ng ginto ay madaling nagapi at mga 30 sa kanila ang napatay.



Ang bandila ng Eureka

Ang mga rebeldeng lider ay iniharap sa paglilitis para sa mataas na krimen ng pagtataksil sa bansa, ngunit walang panghukumang lupong tagahatol ang nagdesisyon na may kasalanan sila. Nalaman ng isang Komisyong Royal na ang pamahalaan ang may kasalanan at marami sa mga hinihingi ng mga minero ay ibinigay, kabilang ang kanilang pagnanais na magkaroon ng kinatawan sa pulitika. Sa loob ng isang taon, si Peter Lalor, ang lider ng mga rebelde, ay nahalal na miyembro ng Parlamento ng Victoria.

Sa paglipas ng maraming taon, ang himagsikan ng Eureka ay naging simbolo ng protesta at ng ating paniniwala sa isang ‘fair go’.

Ang pagsugod sa pagmimina ng ginto ay binago ang Australia sa maraming paraan. Noong mga taon ng pagsugod sa pagmimina ng ginto, ang kabuuang di-Katutubong populasyon ng Australia ay lumago mula sa humigit-kumulang 430,000 noong 1851 hanggang 1.7 milyon noong 1871. Ang mga unang daang riles at mga telegrapo ay itinayo noong 1850s upang mapag-ugnay ang lumalagong populasyon.

Malaking mga deposito ng ginto ang natagpuan sa lahat ng mga kolonya maliban sa Katimugang Australia. Ang ekonomiya ay umuunlad at nalampasan ng ginto ang lana na mula sa balahibo ng tupa bilang pinakamahalagang produktong iniluluwas. Sa mga 1890s, posibleng ang Australia ang may pinakamataas na antas ng pamumuhay sa buong mundo.

Ang mga iskwater at magsasaka

Mula sa murang mga araw ng mga kolonya, ang mga taong nakilala sa bansag na ‘iskwater’ ay nakapag-angkin ng malalawak na mga lupain upang pagsakahan. Bagaman hindi nila binayaran ang mga lupaing ito, ipinagpalagay ng mga iskwater na pag-aari nila ito. Pagkatapos ng mga unang pagsugod sa pagmimina ng ginto, nagkaroon ng malaking pakikipaglaban upang makuhang muli ang mga lupa sa mga iskwater.

Noong mga 1860s, gusto ng pamahalaan na ibenta ang lupa ng mga iskwater sa mga manggagawa at kanilang pamilya upang kanilang sakahin. Pinilit ng mga iskwater na angkinin ang mas maraming lupa hangga’t possible para sa kanilang sarili.

Hanggang sa naitayo ang mga daang riles, ang mga bagong magsasaka na may mga sakahan na malayo sa mga pamilihan ay humarap sa isang napakahirap na kapaligiran. Ang oportunidad na kumita ng mataas na sahod sa mga siyudad ay laging ginagawang hindi kaakit-akit ang buhay sa pagsasaka at pagtatrabaho para lang sa kakaunting kapalit.

Ang tradisyon ng Australia na mag-imbento ng makinarya upang mas mapadali ang pagsasaka ay nagsimula sa Katimugang Australia. Halimbawa, ang ararong tinatawag na ‘stump-jump plough’ (1870s) ay pinapadali ang paghahawan ng mga mababakong lupa para matamnan ng mga aanihing tanim.

Migrasyon noong 1800s

Noong kaagahan ng panahong 1800s, ang mga pangunahing grupo sa mga kolonya ay mga lahing Ingles, Scottish, Welsh, at Irish. Maraming libangan, mga gawaing pangkultura at mga kaugaliang panrelihiyon ng Australia ay katulad din ng mga naroroon sa Dakilang Britanya. Mayroon ding mga maliliit na grupo ng migrante mula sa Europa at Asya. Ang mga nagsirating mula sa Europa noong 1800s ay kinabibilangan ng mga Italyano, mga Griyego, mga taga-Polonya, mga taga-Malta at mga Ruso, ganoon din ng mga naninirahang Pranses na nagtrabaho sa industriya ng paggawa ng alak. Karamihan sa kanila ay mga kabataang lalaki na naghahanap ng trabaho at kapalaran, o mga marino na lumayas sa kanilang mga barko.

Ang mga migranteng Intsik ay nagsimulang dumating sa Australia pagkatapos ng taong 1842, at dumami sila pagkaraang madiskubre ang ginto. May mga igtingang panlahi sa mga minahan ng ginto, at minsan ito ang naging sanhi ng mga kaguluhan laban sa mga Intsik, tulad ng mga nangyari sa Bendigo noong 1854. Ang mga igtingang panlahi na ito ay naging dahilan ng mga unang paghihigpit sa imigrasyon sa Victoria noong 1855 at New South Wales noong 1861.

Pagkatapos ng pagsugod sa pagmina ng ginto noong mga 1850s, maraming mga Intsik ay nag-uwian sa kanilang bansa. Ilan sa kanila na namalaging naninirahan dito ay ang mga hardinerong Intsik na nagtitinda ng mga kailangang-kailangang bagong pitas na prutas at gulay sa mga lugar na salat sa tubig.

Mula sa 1860s, ang mga taong mula sa Iran, Ehipto at Turkiya ay dumating para magpatakbo ng tren ng mga kamel sa 'outback' ng Australia. Kasama ang mga kamelerong Bumbay galing sa Indiya, sila ay pangkaraniwang tinawag na 'Afghans' dahil sa kanilang parehong mga damit at paniniwala sa relihiyong Islam. Ang mga kamelerong ito ay itinuring na mga 'tagapanguna sa looban ng lupain'.

May mga Bumbay at mga taga-isla sa Pasipiko rin na nagtrabaho sa mga industriya ng asukal at saging sa Queensland, kadalasang para makatanggap ng napakababang sahod at sa mga pangit na kalagayan.

Mula sa 1880s, ang mga manggagawang galing sa Lebanon ay dumating sa Australia. Marami ang kabilang sa mga nagtrabaho sa mga industriya ng tela at pananamit, at ang mga pamilyang taga-Lebanon ang naging may-ari ng halos lahat ng mga pagawaan ng mga kurtina sa bansang Australia.



Mga kamelerong 'Afghan' sa 'outback' ng Australia

Mga nakareserbang lupain ng katutubo

Pagkatapos ng maagang mga labanan para sa lupa sa pagitan ng mga Katutubo at mga maninirahan, ang mga Katutubo ay napilitang mamuhay sa mga tabi ng lipunan. Ang iba ay nagtrabaho sa mga istasyon ng kawan ng tupa at baka sa 'outback' para sa napakababang sahod, at sa karamihan ng kaso hindi sila kailanman binayaran. Ang mga pamahalaan ng kolonya ay nagtatag ng mga reserbang lupa kung saan ang mga Katutubo ay maaaring manirahan, subalit sa mga lugar na ito ay di sila pinapayagang mamuhay ng kanilang tradisyonal na pamumuhay. Halimbawa, hindi sila malayang manghuli ng hayop at mamitas ng prutas at gulay na siyang nais nila.

Noong huling panahon ng 1800s, tinanggal ng pamahalaan ng mga kolonya ang mga karapatan ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Kinontrola nila kung saan makakatira at kung sino ang pakakasalan ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Kinuha rin nila ang maraming mga batang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island mula sa magulang nila, at dinala nila ang mga bata sa mga 'puting' pamilya o mga bahay pang-ulila ng pamahalaan. Ang mga ganitong patarakan ay nagpapatuloy hanggang sa kalagitnaan ng ika-20 siglo. Ang isyu ng 'ninakaw na henerasyon' ay nananatili pa ring dahilan ng lubos na kalungkutan para sa maraming Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, at ng ibang mga Australiano, at naging paksa ito ng pambansang paghingi ng tawad sa Parlamento ng Australia noong 2008.

Ang karapatang bumoto

Ang 'suffragettes' ang salitang ginamit sa iba't ibang panig ng mundo sa pagtawag sa mga babaing nagkampanya para sa karapatang bumoto sa mga eleksiyon. Noong 1880s at 1890s, bawat kolonya ay may isa man lang na lipunan para sa pagboto. Ang mga 'suffragettes' ay nangolekta ng libo-libong mga pirma sa mga petisyon na iniharap sa kanilang parlamentong kolonyal.

Noong 1895, ang mga babae sa Katimugang Australia ay nanalong makamtan ang karapatang bumoto at kumandidato sa Parlamento. Ang mga babae sa Kanlurang Australia ay nanalo ng karapatang bumoto noong 1899.

Noong 1902, ang Australia ang unang bansa na nagbigay sa mga babae ng kapwa karapatang bumoto at ng karapatang maiboto sa Parlamento ng Australia. Ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay walang karapatang bumoto hanggang 1962.

Si Edith Cowan ang naging unang babaeng parlamentaryan nang siya ay mahalal sa Parlamento ng Kanlurang Australia noong 1923. Noong 1943, si Enid Lyons ang unang babaeng nahalal sa Parlamento ng Australia.

Catherine Spence (1825–1910)

Si Catherine Spence ay isang manunulat, predikador, peminista at suffragette. Naglakbay siya bilang migrante mula sa Scotland patungong Australia at nagsulat ng mga librong pang-iskwelahan at mga nobelang nananalo ng premyo tungkol sa buhay sa Australia.

Tumulong siya sa pagtatayo ng organisasyon upang tulungan ang mga batang walang tirahan, at sinuportahan ang mga bagong kindergarten at iskwelang pansekundaryo ng pamahalaan para sa mga babae.

Siya ang unang babae na kumandidato para sa parlamento. Kahit na nakatanggap siya ng maraming boto, hindi siya nanalo sa pwesto. Noong 1891, siya ay naging Bise-Presidente ng Women's Suffrage League ng Katimugang Australia.

Si Catherine Spence ay isang simbolo ng kung ano maggagawa ng isang babae, kahit na sa panahon ng panghihigpit.



Pederasyon

Ang mga kolonya ay nagsi-unlad nang hiwahiwalay, pero sa huling dako ng ika-19 na siglo, ang isang tamang pag-iisip ng pagiging kabilang ng bansa ay nagsimulang mabuo.

Patungo sa katapusan ng ika-19 na siglo, dalawang pagtatangka ang ginawa upang pag-isahin ang mga kolonya. Noong 1889, si Sir Henry Parkes ay naghikayat na buuin ang isang malakas at bagong nasyon. Ang Komperensiya ng Pederasyon ng Australia ay idinaos noong 1890 upang pag-usapan ang ideya ng pederasyon ng Australia.

Pagkatapos ng ilang mga pagkaka-antala, ang kilusan sa pagbubuo ng pederasyon ay napabilis noong 1893. Ang mga botante ay pumili ng mga miyembro ng susunod na kumbensiyon para sa konstitusyon. Ang mga botante ay bumoto sa dalawang beses na reperendum para tanggapin ang bagong Konstitusyon ng Australia.

Sumang-ayon ang Pamahalaan ng Britanya na maaaring pamahalaan ng Australia ang kanyang sarili. Noong Enero 1, 1901, si Edmund Barton, na siyang namuno sa kilusan para sa pagtatatag ng pederasyon sa New South Wales, ang naging unang Punong Ministro ng Australia. Ang kaniyang pamahalaan ay nanumpa sa harapan ng napakaraming tao sa Centennial Park ng Sydney.

Ang Australia ngayon ay isang nasyong itinatag sa loob ng Imperyo ng Britanya. Hindi nito nakuha ang buong mga kapangyarihan sa pagtatanggol at suliraning panlabas ng bansa hanggang 1931. Noong wala pa ang Batas sa Pagkamamamayang Australiano ng taong 1948, ang mga Australiano ay napasailalim sa Britanya sa halip na mga mamamayang Australiano. Bagamat ang pambansang damdamin ay nabuo, ang diwa ng pagiging nasa ilalim ng Britanya ay malakas pa rin.



Araw ng Pederasyon sa Brisbane, 1901

Edith Cowan (1861–1932)

Si Edith Cowan ang unang babaeng nahalal sa Parlamento ng Australia at itinampok sa limampung dolyares na pera ng Australia.

Si Edith ay kilalang tao sa kilusan ng pagboto ng kababaihan, at nangungunang tagapagtaguyod para sa pampublikong edukasyon at mga karapatan ng mga bata. Ginawang mahistrado si Edith noong 1915 at hustisya ng kapayapaan noong 1920. Noong 1921, inihalal si Edith sa Pambatasang Kapulungan ng Kanlurang Australia bilang miyembro ng Nationalist Party.



Ang pagsilang ng mga partidong pampulitika

Sa mga 1880s, ang mga manggagawa ng Australia ay nakapagtatag ng malakas na unyon ng mga manggagawa. Sa panahon ng kahirapan dahil sa paghina ng ekonomiya at tagtuyot, ang mga unyong ito ay gumawa ng mga pag-aalsa upang protektahan ang kanilang mga sahod at mga kondisyon sa pagtatrabaho.

Noong 1891, ang mga manggagawang ito ay lumikha ng partidong pulitika, ang Partido ng Manggagawa. Ang pangunahing tinuunan ng pansin ng Partido ng Manggagawa ay ang mapabuti ang mga sahod at kondisyon ng mga manggagawa. Ang mga tao sa gitnang antas ng lipunan ay namuhay ng mas komportable sa mga manggagawa datapwa't nauunawaan nila ang sitwasyon ng mga manggagawa. Itinayo ang mga opisyal na kapulungan para magtakda ng mga sahod at maiwasan ang mga pag-aalsa. Noong 1907, ang Commonwealth Court of Conciliation and Arbitration (Hukuman ng Komonwelt para sa Pagkakasundo at Pagpapasiya) ay nagtakda ng pinakamamabang sahod, na sa antas nito ang isang manggagawa, ang kaniyang asawa at tatlong anak, ay maaaring mamuhay nang matipid at komportable.

Noong 1910, nabuo ang unang bersiyon ng Partido Liberal. Ang partidong ito ay may maraming pangalan sa pagdaan ng mga taon, kabilang ang Partido Nasyonalista at Nagkakaisang Partido ng Australia. Ang Partido Liberal na siyang kilala natin ngayon ay itinatag noong 1944 ni Sir Robert Menzies, na naging pinakamahabang nagsilbing Punong Ministro ng Australia.

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, ang Partido ng Bayan ay binuo upang isulong ang mga kapakanan ng mga magsasaka. Tinatawag ito ngayong Partido Nasyonal, at karaniwang kumikilos bilang koalisyon ng Partido Liberal.

Ang Batas sa Paghihigpit ng Imigrasyon sa 1901

Ang patakarang 'Puting Australia' (o 'White Australia') ay naging batas nang ang Immigration Restrictions Act ay ipinasa noong Disyembre 1901. Pinaghigpitan nito ang mga migrante sa pagtatrabaho sa Australia at hinigpitan din nito ang imigrasyon ng mga taong 'hindi puti'.

Ang mga taong hindi nagmula sa Europa ay kailangang kumuha ng isang iksameng dinidikta na binubuo ng 50 salita sa wikang Europeyo. Ang mga miyembro ng Kamara de Komersiyo ng Intsik (Chinese Chamber of Commerce), ang abugadong si William Ah Ket at mga pangunahing lider na Intsik sa negosyo ay gumawa ng mga protesta sa publiko, subalit ang mga ito ay hindi nagtagumpay sa pagbabago ng batas na ito.

Ang mga migranteng mula sa Europa ay prominente sa bagong tatag na pederasyon ng Australia. Subalit, ang mga kontribusyong pangkultura ng mga Intsik, mga Bumbay, mga taong galing sa isla sa Pasipiko at mga taong nagmula sa Gitnang Silangan ay bahagi na ng panglipunang pagkakakilanlan ng Australia.

Dorothea Mackellar (1885–1968)

Si Dorothea Mackellar ay isang makata na kilalang kilala dahil sa kanyang tulang *My Country*, na unang inilathala noong 1908, na mayroong walang kamatayang linya na 'I love a sunburnt country (Mahal na mahal ko ang isang bansang bilad na bilad sa araw)'. Itinuturing ang kanyang tula na isang perpektong halimbawa ng tula tungkol sa pamumuhay sa bush na lupain, na ang inspirasyon ay hango sa kanyang karanasan sa mga sakahan ng kanyang mga kapatid na lalaki na malapit sa Gunnedah, Hilaga-Kanlurang New South Wales.

Noong 1968, hinirang si Dorothea bilang Opisyal ng Order of the British Empire para sa kanyang kontribusyon sa literatura ng Australia.



Unang Digmaang Pandaigdig (1914–18)

Maliban sa mga maliliit na labanan sa pagitan ng mga maninirahan at mga katutubo, ang Australia ay naging napakapayapang bansa. Wala itong mga giyerang sibil or rebolusyon.

Ang mga henerasyon ng mga Australiano ay nananatiling napakatapat pa rin sa Imperyo ng Britanya.

Bilang isang himpilang taga-Europa na malapit sa Asya, naramdaman ng Australia na ito ay maaaring masalakay, lalo na pagkatapos na ang bansang Hapon ay naging malaking puwersa. Nagtiwala ang Australia sa Imperyo ng Britanya at sa lakas nitong pandagat na ipagtatanggol ito. Lumaban ang Australia sa dalawang Digmaang Pandaigdig para mapanitiling malakas ang Imperyo ng Britanya at maprotektahan ang Australia.

Ang mga sundalong Australiano ay pumasok sa Unang Digmaang Pandaigdig noong 1915 sa isang pagsalakay sa kakampi ng Alemanya, ang Turkiya. Ang mga Australiano at mga taga New Zealand ay binigyan ng kanilang sariling parte sa Peninsula ng Gallipoli upang salakayin.

Dumaong sila sa dalampasigan sa maling lugar at kinailangan nilang umakyat sa mga matarik na dalisdis habang sila ay binabaril ng mga tropa ng sundalong Turko. Sa gaano't paanuman, nakaakyat sila sa tuktok ng mga dalisdis at naghukay sa lupa, bagaman maraming mga batang lalaki ang namatay. Inuwi ng mga Australiano ang malaking karangalan sa diwa ng Anzac.

Pagkatapos sa Gallipoli, ang mga hukbong Australiano ay lumaban sa Prente ng Kanluran sa Pransiya at Belgium. Dito sila natagurian sa pangalang 'tagahukay' ('diggers') dahil sa maraming oras na kanilang inuubos sa paghuhukay at pag-aayos ng mga trintsera. Sa pamumuno ng kanilang kumander, na si Heneral John Monash, ang mga tagahukay na Australiano ay nagwagi ng mga malalaking tagumpay sa mga huling giyera laban sa Alemanya at nakuha nila ang walang maliw na pasasalamat ng mga Pranses, na tinulungan nila.

Ang mga sundalong lalaki at babae ng Australia ay nagsilbi rin sa Gitnang Silangan, sa paglahok sa pagtatanggol ng Suez Canal at sa pagsakop ng mga Kaalyadong Hukbo sa Peninsula ng Sinai at Palestina.

Si Simpson at ang kaniyang asno—John Simpson Kirkpatrick (1892–1915)

Si Private John Simpson ay nagsilbi sa Gallipoli sa pangkat pangmediko ng ambulansiya bilang tagabuhat ng stretcher. Napakahirap ang magbuhat ng stretser sa mga burol at lambak. Labag sa mga utos ng hukbo, gumamit siya ng isang asno, na tinaguriang Duffy, sa pagtulong sa paghahatid ng mga sugatang sundalo sa kanilang kaligtasan.

Araw at gabi, oras kada oras, isinasapanganib nina Simpson at kanyang asno ang kanilang buhay sa paghahatid ng mga sugatang sundalo sa pagitan ng labanan at ng kampo sa dalampasigan.

Si Private John Simpson ay dumating sa Gallipoli noong Abril 25, 1915. Siya ay napatay makalipas ang apat na linggo ng kaaway gamit ang mga machine gun. Ang mga sundalo sa kampo sa dalampasigan ay malungkot na tinanaw si Duffy, na may dala pa ring sugatang sundalo, habang ito ay papalapit sa dalampasigan na wala ang kaniyang batang amo sa kaniyang tabi. Si John Simpson Kirkpatrick ay isang sundalo at isang Australianong alamat.





Ang alamat ng Anzac

Ang tradisyon ng Anzac ay nabuo sa Peninsula ng Gallipoli sa Turkiya.

Ang pagdaong sa Gallipoli noong Abril 25, 1915 ay naging palatandaan na simula ng isang kampanyang tumagal ng walong buwan at nagwakas sa higit sa 26,000 sundalong Australianong nasugatan, kabilang ang 8,000 na napatay o namatay dahil sa sakit. Ang katapangan at diwa ng mga nagsilbi sa Peninsula ng Gallipoli ay humubog ng isang alamat, at ang katagang 'Anzac' ay naging bahagi ng wikang Australiano at New Zealand.

Noong Abril 25, 1916, ang Australia, New Zealand, at Inglatera at mga tropa ng sundalo sa Ehipto ay nagdiwang sa kanilang unang anibersaryo sa pagdaong na ito. Simula noon, ang Abril 25 ay kilala bilang Araw ng Anzac.

Sa mga 1920s, ang mga seremonya ng Araw ng Anzac ay idinaraos sa buong Australia at dineklara ng mga estado ang Araw ng Anzac bilang pista opisyal. Mga mahalagang memoryal ng digmaan ang itinayo sa mga kabiserang siyudad, at ang mga monumento sa siyudad, at mga bayan sa buong nasyon ay mga parangal sa mga kabataang lalaki at babae na namatay sa digmaang ito at sa mga ibang giyera pagkatapos.

Ang Araw ng Anzac ay isang araw upang parangalan ang lahat ng mga nagsilbi sa mga digmaan, giyera at mga operasyon labanan at mga operasyon sa pagpapanatili ng kapayapaan, at kanilang pagiging magkaibigan, pagtitiis sa harap ng kagipitan at mga sakripisyo para sa ating kinabukasan. Ito ay araw ng pagninilaynilay sa maraming magkaibang kahulugan ng digmaan.

Ngayon, ang Araw ng Anzac ay ipinagdiriwang sa Australia at sa buong mundo. Ang mga nakabalik na sundalong lalaki at babaeng Australiano, mga tagapanatili ng kapayaaan at mga beterano ng ibang bansa, lahat sila ay nagmamartsang may karangalan sa mga parada ng Araw ng Anzac.

Ang Malaking Depresyon (1929–32)

Ang Malaking Depresyon ay isang panahon ng matinding paghihirap para sa mga tao ng Australia. Nagsimula ito kasabay ng pagbagsak ng Pamilihan ng Saping-Puhunan ng New York (New York Stock Exchange) sa Oktobre 1929. Ang iba pang kadahilanan na nag-ambag sa Depresyon sa Australia ay kinabibilangan ng pagbagsak ng mga presyo ng mga bilihin sa Australia at kaguluhang pang-industriya dahil ang mga taga-empleyo ay nagtanggal ng mga trabaho at nagkaltas sa suweldo. Sa kalagitnaan ng 1932, halos 32 porsiyento ng mga Australiano ay walang trabaho.

Ang epekto ng Depresyon sa lipunang Australiano ay pagkakawasak. Dahil sa kawalan ng trabaho at matatag na suweldo, maraming mga tao ang nawalan ng mga tahanan. Napilitan silang mamuhay sa mga pansamantalang panuluyan na walang pampainit o sanitasyon. Ang ilang mga ama ng tahanan ay iniwan ang kanilang pamilya o bumaling sa alkohol. Ang mga anak ng mga pamilyang nasa nagtatrabahong antas ng pamumuhay ay nagsimulang umayaw sa pagpasok sa paaralan sa edad na 13 o 14 anyos. Maraming mga babae ang nagtrabaho sa mga simpleng trabaho, ganoon din sa pangangalaga ng kanilang mga anak at tahanan nang nag-iisa.

Sa panahong yaon patungong Depresyon, ang pamahalaan ay walang programang sentral para sa kawalan ng panghanapbuhay. Maliban sa mga kawanggawa at mga ilang pribadong organisasyon, ang mga mahihirap na tao ay napilitang umasa sa mga proyektong panghanapbuhay at mga proyekto ng gawaing pampubliko. Ang ekonomiya ay nagsimulang umigi noong 1932, pero sa maraming mga kaso, ang pagkakawasak ng mga pamilya ay hindi na maaring malutas.

Sa panahon ng Depresyon, ang mahalagang bahaging ginagampanan ng mga kawanggawang Australiano at mga boluntaryo ay binigyang diin.



Isang lutuan ng sabaw sa panahon ng Malaking Depresyon

Sir Charles Kingsford Smith (1897–1935)

Si Sir Charles Kingsford Smith ay isa sa nauunang Australianong abyador. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, lumaban siya sa Gallipoli at nakilipad sa Pangkat ng mga Pilotong Royal ng Britanya (Royal Flying Corps).

Ang kaniyang pinakamalaking tagumpay ay ang pagsasagawa ng unang pagtawid sa Karagatang Pasipiko mula sa California papuntang Queensland noong 1928. Ang kaniyang eruplano, na ang Southern Cross, ay lumapag sa Australia sa harap ng 25,000 nagmamahal na tao na nagbunyi para sa kanilang bayani na si 'Smithy'. Noong 1932, siya ay ginawang kabalyero para sa kaniyang mga serbisyo sa abyasyon.

Noong 1935, siya ay malagim na bumagsak na kasama ng kaniyang eroplano habang naglalakbay mula sa Inglatera patungong Australia at hindi na siya natagpuan.

Si Sir Charles Kingsford Smith ay tinaguriang pinakamagaling na abyador sa mundo at inaalaala siya dahil sa pagbibigay sa mga tao, sa gitna ng Depresyon, ng isang tunay na bayaning Australiano na maaaring tingalain.



Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939–45)

Sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumaban ang mga Australiano kasama ang mga Kaalyadong Hukbo laban sa Alemanya sa Europa, Mediterranean at Hilagang Aprica. Lumaban rin sila sa mga Hapon sa Timog-Silangang Asya at sa Pasipiko.

Sa mga disyerto ng Hilagang Aprika, ang mga tropa ng sundalo ng Australia ay lumaban sa isang mahabang pagsalakay ng mga Aleman at Italyano sa bayan ng Tobruk, ang panghuling depensa laban sa pagmartsa ng mga Aleman sa Ehipto. Sa loob ng walong mahahabang buwan, ang mga lalaking (karamihang Australiano) ito ay nakatiis sa mga mababangis na pag-atake at marahas na mga kondisyon, habang naninirahan sa mga kuweba at siwang. Ang kanilang determinasyon, katapangan at ugaling pagtawa sa sitwasyon, kasama ang agresibong taktika ng kanilang mga kumandante ay naging pinagmulan ng inspirasyon sa ilan sa mga pinakamadilim na araw ng digmaan. Sa pagsagawa nito, nakamit nila ang pangmatagalang katanyagan bilang 'Mga Daga ng Tobruk'.

Noong 1941, sinimulan ng Hapon ang kanilang digmaan sa Pasipiko. Ang mga sundalong lalaki at babae ng Australia ay pumunta upang depensahan ang Papua New Guinea. Ang malaking tungkuling ito ay ibinigay sa mga regular ng sundalo at sa mga bagong tinawag na mga kabataang sundalo na hindi sapat na nasanay. Sila ay lumaban sa kanilang kaaway sa kagubatan, sa tabi ng isang matarik at maputik na landas na tinawag na Kokoda Track. Ang mga tropa ng sundalo ng Australia ay nagpahinto sa pagsulong ng mga Hapon. Kapareho ng Anzac Cove at Gallipoli, ang Kokoda Track ay naging isang lugar ng paglalakbay para sa maraming mga Australiano.



Isang sugatang sundalo sa Kokoda Track na tinutulungan ng isang tagapaghatid na Papuano

Noong 1942, kinuha ng mga Hapon ang base ng Britanya sa Singapore. Humigit-kumulang 15,000 tropa ng sundalong Australiano ay kabilang sa mga nahuli at dinala para magtrabaho sa Daang Riles ng Thai-Burma. Sa panahon ng pagtayo nito, maraming tropa ng sundalo ng Australia ang napasailalim sa malupit na pagtrato ng mga Hapon. Bagaman ang mga bilanggo ng giyera na Australiano ay ginawa ang lahat ng kanilang makakaya sa pangangalaga sa bawat isa sa kanila, dito pa rin kung saan higit sa 2700 bilanggo ng giyera na Australiano ang namatay.

Sir Edward 'Weary' Dunlop (1907–93)

Si Sir Edward 'Weary' Dunlop ay isang matapang at mapag-arugang doktor at isang bayaning Australiano ng digmaan. Sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nahuli siya ng mga Hapones at dinala sa Burma para magtrabaho sa Daang Riles ng Thai-Burma. Ito ay isang napakahirap na trabaho.

Bilang kanilang kumandante, si Weary ay nagsalita para sa kaniyang mga tao, at bilang kanilang tagaoperang doktor, mahabang oras ang kaniyang ginamit sa paggamot sa kanila. Siya ay labis na pinahirapan sa kampo subali't ipinagpatuloy niya ang kaniyang pagsisilbi.

Ginawa siyang kabalyero noong 1969 para sa kaniyang kontribusyon sa medisina. Nang siya ay mamatay, higit sa 10,000 tao ang luminya sa mga kalsada ng Melbourne sa burol na pang-estado para sa bayaning kanilang tinaguriang ang 'Siruhano ng Daang Riles'.



Ibang mga giyera

Kaagad pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, mula 1950 hanggang 1953, ipinadala ang mga hukbong sandatahan ng Australia bilang bahagi ng maraming nasyong puwersa ng United Nations upang depensahan ang South Korea mula sa mga puwersang komunista ng hilaga.

Hindi nagtagal, sumali ang Australia sa Estados Unidos ng Amerika sa pagsuporta sa pamahalaan ng Timog Vietnam laban sa mga komunistang puwersa ng Vietnam na naghahangad na muling pagsamahin ang bansa. Ang Digmaan ng Vietnam ay nananatiling pinakamalaking pagsabak ng hukbong sandatahan ng Australia magmula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagtagal mula 1962 hanggang 1973, ito rin, sa panahong iyon, ang pinakamataas na digmaang nilabanan ng Australia. Kontrobersyal ang pagkasangkot nila sa digmaang ito, at maraming Australiano ang nagprotesta sa mga kalsada upang ipakita ang kanilang oposisyon sa digmaan at, lalo na sa pagpapalista ng mga kabataang sundalong Australiano sa digmaan.

Ang Hukbong Tanggulan ng Australia ay napasabak din sa labanan sa Silangang Timor, sa Iraq, sa Sudan at sa Afghanistan at nakapagsilbi sa isang operasyon ng UN sa pagpapanatili ng kapayapaan sa maraming parte ng mundo, kabilang ang Aprika, ang Gitnang Silangan at ang rehiyong Asya at Pasipiko.

Araw ng Pag-aalaala

Ganoon din sa Araw ng Anzac, ang Araw ng Pag-aalaala ay isa ring araw na kung saan ang mga Australiano ay umaalaala sa mga nagsilbi at namatay noong digmaan. Sa ika-11:00 ng umaga, ika-11 ng Nobyembre (ang panglabing-isang buwan) sa bawat taon, ang mga Australiano ay tumitigil upang alalahanin ang sakripisyo ng mga lalaki at babaeng namatay o nakaranas ng paghihirap sa mga giyera at labanan, ganoon din sa lahat ng mga nakapagsilbi. Tayo ay nagsusuot ng isang pulang bulaklak ng poppy sa araw na ito.

Migrasyon sa maagang 1900s

Sa loob ng panahon sa pagitan ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinanatili ang mga mahihigpit na kondisyon sa pagpasok sa Australia. Subalit, nagkaroon ng paglago sa migrasyon ng mga tao, lalo na ng mga lalaki, mula sa katimugang Europa. Dinala nila ang kanilang mga kahusayan, edukasyon at kanilang sariling kaugaliang pangkultura. Sila ay tumulong sa pagpapaunlad ng mga industriyang pangkabukiran sa Australia, at sa pagpapatayo ng mga kalsada and daang riles. Ang mga bihasang Italyanong kantero ay nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa konstruksiyon ng mga gusaling pampubliko at mga tahanan.



Sa katapusan ng 1930s, ang mga Hudyong tumakas galing sa Europa ay dumating. Sila ay tumakas sa pananakot ng mga Nazi sa Alemanya. Nanggaling sila sa Alemanya, Austriya, Sekoslobakya, Hungarya at Polanya. Marami sa kanila ang may mataas na pinag-aralan at mga matatalino na nag-alay ng kanilang kontribusyon sa ekonomiya at buhay pangkultura ng Australia.

Humigit-kumulang 18,000 sundalong Italyano ang nahuli noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ikinulong na mga bilanggo ng giyera sa mga kampo sa Australia. Sila ay sandali lamang na namalagi sa mga kampo, subalit patas ang pagtrato sa kanila at nakaunawa sila ng tungkol sa lupain at sa mga tao sa Australia. Pagkatapos ng digmaan, sila ay bumalik sa Australia bilang mga migrante.

Mga tumakas pagkatapos ng digmaan

Pagkatapos ng digmaan, hinimok ng Australia ang pagpasok ng mga migrante mula sa ibang bansa ng Europa upang madagdagan ang kaniyang populasyon. Milyun- milyong mga katao ang tumakas sa Alemanya sa ilalim ng mga Nazi o hindi nakabalik sa kanilang mga lupang tinubuan na okupado ngayon ng Sobyet Rusya. May mga 170,000 taong nawalan ng bansang babalikan ang tinanggap sa Australia upang magbagong buhay na muli.

Mayroon ding malaking kakulangan sa manggagawa sa Australia. Ang pamahalaan sa panahong iyon ay naniwala na ang paglago ng populasyon ay mahalaga para sa hinaharap ng bansa. Ang mga malulusog na matandang migrante na wala pang 45 anyos ay maaaring bumiyahe sa Australia sa halagang 10 pounds at ang kanilang mga anak ay makapagbibiyahe nang walang bayad. Subalit ang mga migrante ay limitado pa rin sa mga nasyonalidad na galing ng Britanya o Europa.



Ang Planong Panghydro-electric ng Snowy Mountains

Sinimulan ng pamahalaan ang isang matapang na paraan noong 1949 na pigilin ang daloy ng mga tubig sa Snowy River bago ito lumabas sa dagat sa silangang Victoria. Ang agos ng mga tubig na ito ay pababalikin sa loob ng lupain para sa irigasyon at gamitin sa paglikha ng elektrisidad. Ito ay napakalaking proyekto na ginawa at nakumpleto pagkatapos ng 25 taon.

Ito ang pinakamalaking proyektong pang-inhinyeria sa Australia. Ito rin ang isa sa mga pinakamalaking planong hydro-electric sa mundo at kinikilala bilang isa sa modernong kababalaghan sa mundo na linikha ng inhinyerong sibil.

Ang Plano ng Snowy Mountains ay matatagpuan sa Pambansang Liwasan, New South Wales. Ito ay binubuo ng 16 na malalaking prinsa, pitong istasyon ng elektrisidad, isang istasyong pambomba ng tubig at 225 kilometrong tunnel, mga linya ng tubo at mga paagusan ng tubig. Karamihan dito sa nasa ilalim ng lupa.

Ang plano ay nagsusuplay ng tubig na mahalaga sa mga industriyang pagsasaka ng looban ng lupain ng New South Wales at Victoria. Ang mga istasyon ng elektrisidad nito ay kaya ring maghatid ng umaabot sa 10 porsiyento ng lahat ng elektrisidad para sa New South Wales.

Ang paggawa sa paraan ay nagsimula noong 1949 at natapos noong 1974. Mahigit sa 100,000 katao mula sa higit sa 30 bansa ang nagtrabaho sa proyekto. Pitumpong porsiyento ng mga manggagawa ay mga migrante. Pagkatapos na makumpleto ang proyekto, halos lahat ng mga manggagawang taga-Europa ay namalagi upang manirahan sa Australia, at sila ay nagbigay ng malaking kontribusyon sa multikultural na lipunan ng Australia.

Ang Planong Snowy Mountains ay isang mahalagang simbolo ng pagkakakilanlan ng Australiano bilang isang nagsasarili, multikultural at maparaang bansa.

Pagtrato sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island

Noong mga 1940s at 1950s ang patakaran para sa mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ng Pamahalaan ng Australia ay binago na maging isang asimilasyon. Ito ay nangahulugan na ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay mamuhay ng tulad ng mga di katutubong populasyon. Hindi ito umobra dahil ayaw nila na mawala ang kanilang kulturang tradisyonal.

Noong 1960s, ang patakaran ang binago upang maging integrasyon. Halos lahat ng mga lalaki sa Australia ay nagkaroon ng karapatang bumoto noong 1850s, subalit ang karapatang bumoto sa Komonwelt ay hindi ibinigay sa lahat ng katutubong Australiano hanggang 1962. Bilang bahagi ng integrasyong ito, ang mga Katutubo ay binigyan ng karapatang sibil pero sila ay inaasahan pa rin na umangkop sa di Katutubong kulturang Australiano.

Noong 1967, higit sa 90 porsiyento ng mga Australiano ay bumoto ng 'Oo' sa isang makasaysayang reperendum na nagpapahintulot sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island na isamang bilangin sa bawat limang taong Census ng Populasyon at Pabahay. Ipinapakita nito na, sa panahong iyon, iniisip ng karamihan ng mga Australiano na ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay dapat bigyan ng parehong mga karapatan tulad ng lahat.

Itong paglawak ng mga pinapahalagahan ng lipunan at malakas na protesta ng mga Katutubo ay humantong sa pagpasok ng pagpasiya sa sarili (self-determination) bilang pangunahing prinsipyong panggabay para sa paggawa ng mga patakaran na nauugnay sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Naunawaan ng pamahalaan na dapat kilalanin na ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay nararapat na magkaroon ng pagpasiya sa sarili nilang pag-unlad sa pulitika, ekonomiya, at sa panlipunan at pangkulturang pagsulong.

Ang protesta para mga karapatang panlupa ay naiharap sa atensiyon ng publiko noong mga 1960s sa Gurindji Strike sa Wave Hill sa Hilagang Teritoryo. Ang mga Katutubong lalaking tagapastol sa bakahan, sa pamumuno ni Vincent Lingiari, ay iniwan ang kanilang mga pinagtatrabahuhan sa istasyon ng baka bilang protesta sa kanilang suweldo at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Ang kanilang mga aksiyon ang naging daan para kay Eddie Mabo at iba pa na lumaban para sa mga karapatang panlupa.

Sa ilalim ng Batas Para sa mga Katutubong Karapatang Panlupa (Hilagang Teritoryo) ng Taong 1976, ang mga Katutubong tao ay binigyan ng malalawak na sukat ng lupa sa 'outback' ng Australia. Noong maagang 1990s, ang desisyon ng Mataas ng Hukuman sa kaso ni Mabo at ang *Batas Para sa Katutubong Titulo ng Taong 1993 (Native Title Act 1993)* ay kumilala na ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay mayroong karapatang mag-angkin ng lupa batay sa kanilang sariling mga tradisyonal na batas at kaugalian.

Isang lumalaking proporsyon ng Australia ay sakop ng mga pagpasiyang mayroong katutubong titulo ng lupa. Sa mga lugar na ito, ang mga aspeto ng tradisyonal na lipunan ay nanatili.

Noong Mayo 1997, ang ulat na 'Bringing them home' (Pagbabalik sa kanila sa kanilang tahanan) ay pinresenta sa Parlamento ng Australia. Ang ulat ay resulta ng pagsisiyasat sa pagkuha ng maraming bilang ng mga batang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island mula sa kani-kanilang pamilya. Ang mga batang ito ay tinawag na 'Mga Ninakaw ng Henerasyon' ('Stolen Generations'). Dahil sa ulat na ito, libo-libong Australiano ang nagpakita ng kanilang suporta para sa mga katutubong kapwa nila Australiano sa pagmamartsa na magkakasama sa unang pambansang 'Araw ng Pagsisisi' ('Sorry Day') noong 1998.

Ang Pambansang Paghingi ng Tawad sa mga Ninakaw na Henerasyon (2008)

Noong Pebrero 13, 2008, ang Punong Ministro ng Australia ay gumawa ng isang pambansang paghingi ng tawad sa Mga Ninakaw na Henerasyon sa Parlamento ng Australia, at nagsalita siya sa ngalan ng mga Australiano. Ipinahayag ng Punong Ministro ang pagsisisi sa paraan kung paano tinrato sa nakaraan ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, lalo na ang pagkuha sa mga batang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island mula sa kanilang mga magulang.

Ang talumpati ay isinahimpapawid sa telebisyon at mga istasyon ng radyo. Libong mga Australiano ang nagtipun-tipon sa mga lugar na publiko at sa kanilang lugar ng trabaho upang pakinggan ang talumpati ng paghingi ng patawad. Ang talumpati ay opisyal na naglista at humingi ng kapatawaran para sa nakaraang mga kawalan ng katarungan. Ito ay isang mahalagang hakbang patungo sa paghilom ng sugat ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island at upang masiguro na ang mga kawalan ng katarungang ito ay hindi na muling mangyari pa. Ang talumpati ng 'Pagsisisi' ay isang mahalagang hakbang sa pagsulong ng lahat ng mga Australiano.



Isinulat ang 'Patawad' ng tagasulat sa pawirin sa Sydney

Ngayon, ang mahalagang kontribusyon ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island sa pagkakilanlang Australiano ay malawak na tinatanggap at ipinagdidiriwang. Maraming mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay may mga pangunahing posisyon sa buong lipunang Australiano, kabilang nito ang sistema ng hustisya, pulitika, ang sining at mga palaro.

Albert Namatjira (1902–59)

Si Albert Namatjira ay isang mahusay na Australianong alagad ng sining na nagbunsod ng isang bagong paraan ng pagpinta ng mga tanawin ng Australia. Bilang isang batang lalaking Arrernte, si Albert ay nagpakita ng isang likas na kahusayan sa pagpinta. Siya ay may kakaunting pormal na pagsasanay, subalit ang kaniyang mga pinintang kabayanan ng Australia na ginamitan ng watercolor ay kilalang-kilala at madaling naibebenta.

Siya at ang kaniyang asawa ang mga unang katutubo sa Australia na pinayagang maging mamamayan. Nangahulugan ito na maaari silang bumoto at magtayo ng bahay kahit saan nila gusto. Ang pagkamamamayang Australiano ni Albert ay nagbigay-diin ang katotohanan na ang ibang mga Katutubong Australiano ay hindi nagkaroon ng ganitong mga karapatan.

Ang kaniyang buhay ay nagpakita sa mga di-katutubong Australiano sa kawalan ng katarungan ng mga batas panlahi at nagbigay ng kontribusyon sa mga pagbabago para sa mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.



Eddie Mabo (1936–92)


Si Eddie Koiki Mabo ay isang aktibista at tagapagsalita sa mga karapatang panlupa ng Katutubo. Siya ay ipinanganak sa Murray Island, sa isang tradisyonal na lupain ng mga taong Meriam ng Torres Strait.

Mula sa murang edad, tinuruan siya kung ano mismong mga punungkahoy at bato ang nagsisilbing tanda ng mga hangganan ng lupa ng kaniyang pamilya.

Lumipas pa ang maraming taon nang malaman ni Eddie na ang kaniyang lupang tinubuan ay kinilalang lupa ng Korona sa ilalim ng batas na Australiano at hindi ito pag-aari ng kaniyang pamilya. Ibinaling niya ang kaniyang galit sa pagsasagawa ng aksiyon at nagharap siya ng isang kaso sa hukuman para sa kapakanan ng mga tao sa Murray Island.

Noong 1992, pagkatapos ng maraming taon, nanalo ang kaso ni Eddie sa Mataas na Hukuman. Ang desisyon sa kaso ni Mabo ay nagdeklara na kung ang mga Katutubong tao ay makapagpapatunay na sila ay may makasaysayan at patuloy na tradiyosnal na koneksiyon sa kanilang lupa, maaari nilang angkinin ang pagmamay-ari ng ganitong lupa kung ito'y hindi pa naaangkin. Dahil sa desisyong ito, nakita ang pagbabalik ng maraming sukat ng lupa sa kanilang mga dating nagmamay-ari.

Si Eddie Mabo ay inaalaala dahil sa kaniyang katapangan at sa pagkuhang muli ng mga karapatang panlupa para sa mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.



Multikultural na migrasyon

Noong mga 1950s at 1960s, isang lumalaking pagkilos na kinabibilangan ng maraming Asyano, mga simbahan at iba pang mga grupo, ay naghangad na wakasan ang patakarang 'Puting Australia'.

Noong 1958, inalis ng pamahalaan ang iksamen sa diktasyon at noong 1966, binuksan ng Australia ang kaniyang pinto sa napiling imigrasyon ng mga bihasang Asyano at ibang di-taga Europa. Sa katapusan, ang mga Australiano kahit saan ay kinilala ang kahalagahan ng pagsama-sama ng lahat ng mga nasyon sa programa ng imigrasyon ng Australia.

Ang patakaran ng 'Puting Australia' ay nagwakas noong 1973, at ang Australia ay nasa daan patungo sa multikulturalismo. Mula sa panahong ito, tinanggal ng pamahalaan ang lahat ng mga panlahing kriterya para sa imigrasyon. Noong 1975, pagkatapos ng Giyera sa Vietnam, tinanggap ng Australia ang maraming bilang ng mga tumatakas at migranteng Asyano, na karamihan ay galing sa Vietnam, Tsina, at India.

Simula 1945, milyon-milyon tao ang lumuwas at nanirahan sa Australia, kabilang ang maraming mga taong tumakas mula sa mga bansang sinira ng digmaan. Ngayon, ang mga migrante ng Australia ay mula sa iba't ibang sulok ng mundo.

Ang Australia sa ngayon ay may aktibong patakaran ng pagsasama-sama, na kung saan ang tao ng bawat lahi, etnisidad o kultura ay nakakaramdam na siya ay bahagi ng ating lipunan. Ang patakarang ito ay nasa lahat ng aspeto ng lipunan ng Australia, kabilang ang mga patakaran ng pamahalaan. Sumasalamin ito sa ating pang-edukasyong kurikulum mula sa musmos na pagkabata hanggang sa unibersidad, at isinasagawa sa bawat lugar ng trabaho.

Ang karapatan ng bawat indibidwal na tratuhing pantay-pantay at walang pagtatangi ay pinagtatanggol ng Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission) at ng mga ahensiya ng pamahalaan laban sa diskriminasyon sa bawat estado at teritoryo. Ang diskriminasyong batay sa lahi ay isinusumpa sa publiko at isang krimen sa ilalim ng batas.

Ang Australia ay naging isang multikultural na lipunan ng pagkakasundo at pagtanggap. Isa itong bansa na ang mga migrante, mga Katutubong Australiano at lahat ng ipinanganak sa Australia ay maaaring maging malaya na sundin ang kanilang mga hangarin na may kapayapaan.

Dr Victor Chang (1936–91)

Si Dr. Victor Chang ay isa sa mga pinakamagaling na doktor sa puso sa Australia. Si Victor Peter Chang Yam Him ay ipinanganak sa Tsina noong 1936 at lumuwas sa Australia noong siya ay 15 taong gulang.

Nagtrabaho siya sa St. Vincent's Hospital sa Sydney kung saan itinayo niya noong 1984 ang unang sentro sa Australia na espesyalista para sa mga pagta-transplant ng puso. Noong 1986, si Victor Chang ay ginawang Kompanyon ng Order ng Australia.

Si Victor ay nabahala sa kakulangan ng mga nagbibigay ng kanilang puso kaya't sinimulan niyang magdisenyo ng pusong artipisyal, na halos makumpleto nang siya ay kahambal-hambal na napatay noong 1991.

Isang bagong sentro ng pagsasaliksik ang itinayo sa kaniyang alaala. Siya ay inaalaala dahil sa kaniyang kahusayan, pagkapuno ng optimismo, at inobasyon.



Sa Pagtatapos

Ang mga pahinang ito ay nagbigay sa inyo ng isa lamang sulyap sa ating kwentong Australiano. Maligayang bati sa inyong pagtanggap ng pagkamamamayang Australiano at kami ay nag-iimbita sa inyong lubusang paglahok sa ating mapayapang demokratikong bansa.

Bilang mamamayan, makikibahagi kayo sa lahat ng parehong mga responsibilidad at pribiliheyo na mayroon ang iba pang mga mamamayang Australiano, at kukunin mo ang inyong lugar bilang ganap na miyembro ng komunidad ng Australia. Makikibahagi ka sa responsibilidad ng pagtulong upang hubugin ang hinaharap ng Australia at inaasahan namin ang iyong aktibong paglahok sa pambansang proyektong iyon.

Talahuluganan ng seksiyong di- ini-iksamen

embahador
isang tao na kumakatawan o nagtataguyod ng bansa o isang gawain

kapulungan
isang grupo ng tao na piniling gumawa ng mga desisyon, halimbawa, kung papaano patakbuhin ang isang kompanya

iskwelang-pangaserahan o dormitoryo
isang iskwelahan kung saan ang mga estudyante ay naninirahan dito at hindi kailangang magsi-uwi ng bahay sa loob ng buong term ng iskwela

lupang-kasukalan
ang kabayanan ng Australia na nasa kaniyang likas na kalagayan

istasyon ng kawan ng baka
isang malaking bukirin kung saan inaalagaan ang mga baka

karta
isang pormal na salaysay ng mga karapatan at responsibilidad

parehong kinatatayuan
isang interes na pinaghahatian o pinagbabahiginan

pinapagpalistang sundalo
isang sundalo na hindi piniling sumapi sa hukbong tanggulan, pero kailangang sumapi sa panahon ng digmaan

lupaing korona
lupang pag-aari ng pamahalaan

kurikulum
mga asignatura at mga paksa sa isang kurso ng pag-aaral

dahop
walang pera or paraang kumita ng pera

didgeridoo
isang instrumentong pangmusika ng mga Katutubong Australiano na gawa sa isang mahabang kahoy na may guwang ang loob

patas na pakikibagay
pagsunod sa mga tuntunin at hindi pagkakaroon ng di-patas na kalamangan; patas at tapat na pagtrato ng mga tao

mga nasawing sundalong lalaki at babae
mga sundalong lalaki at babae na napatay sa digmaan o giyera

magpanday
upang magtayo o lumikha

Kabuuang Domestikong Produkto
ang halaga ng lahat ng mga bagay at serbisyong ginawa sa isang bansa sa isang taon

daluyong ng tag-init
isang napaka-init na panahon na tumatagal nang mahigit sa dalawang araw na magkakasunod

kataksilan sa bayan
isang malubhang krimen na gumagamit ng pagtatangkang ibagsak ang pamahalaan

simbolo
isang tanyag at kumakatawan na larawan

sining na kakaiba at kumakatawan sa mga katutubong tao
sining na natatangi at kumakatawan sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island

Katutubo
ang Katutubo at/o mga taong mula sa Torres Strait Island ng Australia

malaking lupain
isang malaking sukat ng lupain

mahalagang kaganapan
isang mahalagang kaganapan sa kasaysayan

katutubong titulo
ang mga tradisyonal na karapatan na hawak ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island sa lupa at tubig, na pinagpasiyahan sa sistemang pambatas ng Australia

kasaysayang binibigkas
mga binigkas na mga alaala ng tao sa kung anong nangyari sa nakaraan

tagabunsod
isa sa mga unang mga dumayo, na may naisagawa sa mga unang mga araw ng isang kolonya

pampulitikang kinatawan
na kinatawan ng isang pulitiko sa parlamento

sentensiya
ang parusa na pinagpapasiyahan ng huwes, katulad ng tagal ng panahon sa bilangguan, para sa isang taong napagpasiyahang may kasalanan sa isang krimen

magtakda ng sahod
magpasiya kung magkano ang nararapat na sahod ng mga empleyado sa kanilang trabaho

repormang panlipunan
paggawa ng mga pagpapahusay sa lipunan nang unti-unti, sa halip na magrebolusyon

burol na pang-estado
isang burol na binayaran ng pamahalaan upang parangalan ang isang mamamayang gumawa ng mahalagang kontribusyon sa bayan

tanggulan
isang may-bakod na lugar para sa pagtatanggol na ginawa gamit ang mga posteng kahoy at mga panusok

mga lalaking tagapastol sa bakahan
mga lalaking nagtatrabaho upang alagaan ang mga baka

pag-aalsa
kung ang mga empleyado ay tumigil sa pagtatrabaho, halimbawa, upang magprotesta laban sa kanilang sahod o mga kondisyon sa pagtatrabaho

karapatang bumoto
ang karapatan na bumoto sa mga eleksiyong pampubliko

pinanumpa
ang matanggap sa isang posisyong publiko sa isang pormal na seremonya

katayuang panlipunan
katayuang panlipunan o pinagmulan, trabaho, posisyon

Para sa karagdagang impormasyon

Pagkamamamayang Australiano

Para sa karagdagang impormasyon kung papaano magiging isang mamamayang Australiano, bumisita sa www.citizenship.gov.au.

Australia

Maaari kayong kumuha ng karagdagang impormasyon sa lokal na aklatan. Ang mga sumusunod na website ay maaaring mayroon ring kapakipakinabang na impormasyon:

- Tungkol sa Australia www.australia.gov.au
- Maikling Impormasyon tungkol sa Australia www.dfat.gov.au

Mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia, bumisita sa www.australia.gov.au

Pederal na MP o Senador

Ang inyong pederal na MP o senador para sa inyong estado o Senador sa inyong teritoryo ay may isang hanay ng impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia.

Isang listahan ng mga MP at senador ay mababasa sa www.aph.gov.au.

Mga organisasyon ng Pamahalaan ng Australia

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga organisasyon ng Pamahalaan ng Australia na binanggit sa librong mapagkukunan ng impormasyon, bumisita sa sumusunod na mga website:

- Hukbong Tanggulan ng Australia (Australian Defence Force) www.defence.gov.au
- Komisyon ng Halalan ng Australia (Australian Electoral Commission) www.aec.gov.au
- Pederal na Pulisya ng Australia (Australian Federal Police) www.afp.gov.au
- Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission) www.humanrights.gov.au
- Komisyon sa Palaro ng Australia (Australian Sports Commission) www.sportaus.gov.au
- Opisina sa Buwis ng Australia (Australian Taxation Office) www.ato.gov.au
- Bantayog sa mga Australianong Lumaban sa Digmaan (Australian War Memorial) www.awm.gov.au
- Panreserbang Bangkol ng Australia (Reserve Bank of Australia) www.rba.gov.au

Mga organisasyon di-pampamahalaan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga organisasyong di-pampamahalaan na binanggit sa librong mapagkukunan ng impormasyon, bumisita sa sumusunod na mga website:

- Bradman Foundation Australia www.bradman.com.au
- Hamlin Fistula www.hamlinfistula.org
- Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor ng Australia www.flyingdoctor.org.au
- Iskwelahan sa Himpapawid (School of the Air) www.schoolair-p.schools.nsw.edu.au
- Snowy Mountains Hydro-Electric Authority www.snowyhydro.com.au
- The Fred Hollows Foundation www.hollows.org
- Sentro sa Pamana ng Mundo ng UNESCO (UNESCO World Heritage Centre) whc.unesco.org
- United Nations www.un.org
- Victor Chang Cardiac Research Institute www.victorchang.edu.au
- Volunteering Australia www.volunteeringaustralia.org

Iba pa

Maghanap sa mga sumusunod na website ng mga karagdagang impormasyon sa mga sumusunod na paksa:

- Konstitusyon ng Australia www.aph.gov.au
- Mga Gantimpala ng Australiano ng Taon (Australian of the Year Awards) www.australianoftheyear.org.au
- Ulat ng 'Pagbabalik sa kanila sa kanilang tahanan' ('Bringing them home') www.humanrights.gov.au
- Mga liwasan at reserbasyon ng Australia www.environment.gov.au
- Kaligtasang cyber www.esafety.gov.au
- Suporta ukol sa karahasang pangtahanan at pang-pamilya www.respect.gov.au, www.1800respect.org.au, www.dss.gov.au/women/help-is-here-campaign
- Mga Tanyag na Australiano: Ang Diksyonaryo ng Biyograpiya ng Australiano (The Australian Dictionary of Biography) adb.anu.edu.au
- Listahan ng mga Panukalang-batas na nakabinbin sa parlamento www.aph.gov.au
- Parlamento ng Australia www.aph.gov.au
- Opisina sa Edukasyong Pamparlamento (Parliamentary Education Office) www.peo.gov.au
- Mga Pampublikong Pista Opisyal www.australia.gov.au
- Rasismo humanrights.gov.au
- Paghingi ng Tawad sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ng Australia www.australia.gov.au

Mga Pasasalamat

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Department of Agriculture, Water and the Environment:

p50 Tasmanian Wilderness

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Department of Home Affairs:

p5 Seremonya ng Pagkamamamayan sa Albert Hall, Canberra

p5 Sertipiko ng Pagkamamamayang Australiano

p11 Seremonyang Pagpapa-usok, Canberra

p34 Pamilya sa isang Seremonya ng Pagkamamamayan ng Australia, Canberra

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng National Archives ng Australia:

p51 Mga bata hayupan ng tupa sa NSW – School of the Air, litratong kinuha noong 1962 (ref: A1200:L42511)

p60 Dick Smith, Tagapangulo ng Civil Aviation Authority, 1991(ref: A6135:K23/5/91/1)

p65 mapa ni Abel Tasman sa Bagong Olandes, 1644 (ref: A1200:L13381)

p68 Makasaysayang litrato ng madaliang pagpunta sa minahan ng ginto sa Australia noong 1851 (ref: A1200:L84868)

p70 mga kamelerong 'Afghan' sa 'outback' ng Australia (ref: A6180:25/5/78/62)

p77 Sir Edward 'Weary' Dunlop sa kaniyang opisina, 1986 (ref: A6180:1/9/86/12)

p78 Pagdating ng migrante sa Australia, mga Italyanong tagaputol ng tubo ng asukal na nakasakay sa Flaminia sa Cairns, 1955 (ref: A12111:1/1955/4/97)

Ang mga sumusunod na litrato ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Pambansang Aklatan ng Australia:

P53 Litrato ni Judith Wright, nilathala noong 1940s (ref: nla.pic-an29529596)

p65 Ang Unang Plota sa Sydney Cove, January 27, 1788, nilikha ni John Allcot 1888 – 1973 (ref: nla.pic-an7891482)

p66 Litrato ni Caroline Chisholm, inilathala ni Thomas Fairland 1804 – 1852 (ref: nla.pic-an9193363)

p71 Litrato ni Catherine Helen Spence, inilathala noong 1890s (ref: nla.pic-an14617296)

p74 Si John Simpson Kirkpatrick at ang kaniyang asno, Gallipoli, 1915 (ref: nla.pic-an24601465)

p76 Litrato ni Sir Charles Edward Kingsford Smith, inilathala sa pagitan ng 1919 at 1927 (ref: nla.pic-vn3302805)

p81 Litrato ni Albert Namatjira sa Hermannsburg Mission, Hilagang Teritoryo, nilathala noong 1946 o 1947 ni Arthur Groom (ref: nla.pic-an23165034)

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng iStock:

Pabalat Tagsibol na mga bulaklak ng Mimosa ©iStockphoto.com/ST-art (ref: 1135566007)

p6 Ina at anak na kangaroo sa Lucky Bay, Kanlurang Australia, ©iStockphoto.com/NeoPhoto (ref: 1142608453)

p9 Lawa ng Hume, Victoria, ©iStockphoto.com/tsvibrav (ref: 675826394)

p15 Itim na opal ng Australia, ©iStockphoto.com/Alicat (ref: 173691056)

p17 Bandila ng Australia, ©iStockphoto.com/davidf (ref: 471630390)

p19 Isang pangkat ng mga batang babae na mula sa iba't ibang etnisidad, na nag-aaral sa paaralang elementarya, ©iStockphoto.com/FatCamera (ref: 877714382)

p23 Parliament House ng Australia, Canberra, ©iStockphoto.com/felixR (ref: 157193181)

p33 Grupo ng Tao, ©iStockphoto.com/davidf (ref: 913541808)

p36 Malyete at mga Iskala ng Hustisya, ©iStockphoto.com/studiocasper (ref: 1004781908)

p37 Grupo na Binubuo ng iba't ibang Tao, ©iStockphoto.com/SolStock (ref: 1203934273)

p39 Sunog sa Green Wattle Creek sa NSW, Australia, Disyembre 2019, ©iStockphoto.com PetarBelobrajdic (ref: 1198579743)

p47 Mga didgeridoo na pininturahan gamit ang kamay, ©iStockphoto.com/lore (ref: 185011099)

p48 Dalampasigan ng Bondi, Sydney, ©iStockphoto.com/Edd Westmacott (ref: 91095176)

p49 Sydney Opera House, New South Wales, ©iStockphoto.com/slowstep (ref: 607986870)

p50 Pambansang Liwasan ng Uluru-Kata Tjuta, Hilagang Teritoryo, ©iStockphoto.com/bennymarty (ref: 1184425004)

p63 Uluru, Hilagang Teritoryo, ©iStockphoto.com/simonbradfield (ref: 539027478)

p64 Katutubong sining sa bato – isda na Saratoga, ©iStockphoto.com/Alpen Gluehen (ref: 2761924)

p75 Mga Dingding na Bantayog sa mga Australiano Lumaban sa Digmaan (Walls of Australian War Memorial), Canberra, ©iStockphoto.com/ Matt Palmer (ref: 1125736631)

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Shutterstock:

p7 Mga Katutubong mananayaw sa Homeground festival, Sydney ©shutterstock.com/PomInOz (ref: 345113882)

p21 Botante, ©shutterstock.com/Nils Versemann (ref: 446229916)

p31 Mataas na Hukuman ng Australia, ©shutterstock.com/Greg Brave (ref: 1051621895)

Ang lahat ng ibang mga larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng mga sumusunod na organisasyon/mga tao:

p24 Commonwealth of Australia Constitution Act 1900 (Konstitusyon ng Komonwelt ng Australia Batas 1900): Kopya ng Orihinal na Pampublikong Rekord, litrato sa kagandahang-loob ng Gifts Collection, Parliament House Art Collection, Department of Parliamentary Services, Canberra ACT

p40 Litrato ng Heard Island at McDonald Islands sa kagandahang-loob ng Australian Antarctic Division © Komonwelt ng Australia, litratong kinuha ni L. E. Large (ref:1892A2)

p52 Si Sir Donald Bradman litrato sa kagandahang-loob ng Bradman Museum of Cricket. Nakasuot ng Australian Test Cap si Sir Donald Bradman at kinuha noong 1931-32 Australian season

p54 Dr Fiona Wood AM na imahe sa kagandahang-loob ng National Australia Day Council

p55 Litrato ni Professor Fred Hollows sa kagandahang-loob ng Fred Hollows Foundation, litratong kinuha ni Frank Violi

p56 Dr James Muecke AM na imahe sa kagandahang-loob ng Mga Gantimpala ng Australiano ng Taon (Australian of the Year Awards)

p56 Professor Michelle Simmons na imahe sa kagandahang-loob ng National Australia Day Council

p61 Litrato ni Dr Catherine Hamlin AC sa kagandahang-loob ng Hamlin Fistula Relief and Aid Fund

p71 Si Lord Lamington na nagsasalita sa harap ng madla sa Araw ng Pederasyon, Brisbane, 1901, litrato sa kagandahang-loob ng State Library of Queensland, litratong kinuha ni H.W. Mobsby (ref: 47417)

p72 Edith Cowan na imahe sa kagandahang-loob ng Pambansang Museo ng Australia

p73 Dorothea Mackellar sa kagandahang-loob ng Aklatan ng Estado ng NSW

p76 Isang litrato ng lutuan ng sabaw sa kagandahang-loob ng State Library of New South Wales (Mitchell Library). Mga batang estudyante na naglilinya para sa libreng bigay na sopas at hiwa ng tinapay, Belmore North Public School, NSW, Agosto 2, 1934, litratong kinuha ni Sam Hood (ref: H&A 4368)

p77 Litrato ng nasugatang sundalo sa Kokoda Track sa kagandahang-loob ng Australian War Memorial (ref: 014028)

p81 Litrato ni Eddie Mabo na ginawang muli sa permiso ni Bernita at Gail Mabo

p82 Litrato ni Dr Victor Chang sa kagandahang-loob ng Victor Chang Cardiac Research Institute

Mga Tala

